PAHAYAG ng KANYANG PAGDATING

BANAL NA KASULATAN

BILANG #77 | Magtiwala ka kay Yahweh at mapapanatag ka - Kawikaan 29:25

Mga Potensiyal na Bitag sa Ministeryo

ni Nancy Leigh DeMoss

Habang tumatagal ako sa ministeryo ay lalo kong napapatunayang tayo ay napakahina at madaling bumagsak, at sa biyaya lang ng Diyos kayat tayo ay nananatiling tapat at maayos na makakatapos. Ang ministeryo ay isang malaking pribilehiyo. Ito rin ay isang malaking responsibilidad. Ang pagtitiwala natin ay dapat sa Panginoon at hindi sa sarili kung nais nating manatiling tapat hanggang sa wakas.

Posibleng magtapos nang maayos. Nagpapasalamat ako sa mga halimbawa ng mga naging tapat hanggang sa wakas. Sila ay huwaran natin. Mas malakas ang mensahe ng kanilang buhay kaysa sa kanilang pangangaral. Sa kabilang dako, nakakita na ako ng maraming lingkod ng Diyos na sandaling tumakbo nang maayos at ng may nangyari sila'y nadiskwalipika.. Ngayon ay wala na sila sa serbisyo.

Aktibo ang ating hukbo at si *satanas ay laging nagtatangkang* patumbahin ang mga lingkod ng Diyos. Nais kong ibahagi sa inyo ang sa ganang akin ay siyam na marahil ang pinakamalaking potensyal na bitag sa aking paglilingkod sa Panginoon, pero hindi ito ang lahat. Meron pang ibang bahagi ng kahinaan.

Pagkawala ng Pagkamangha

Ang unang-unang potensyal na bitag ay ang pagkawala ng pagkamangha sa kahulugan ng pagiging isang anak ng Diyos, ang pagkamangha sa mga teolohikal na mga katotohanan ng ating pananampalataya na dahil sa pag-uulit ulit ay nakakasanayan natin at nawawala na ang pagkamangha, pagkamangha sa ating pinaglilingkuran, pagkamangha sa ipinagagawa sa atin, at pagkamangha sa mensahe na ipinagkatiwala sa atin. Nawawala ang pagkamangha natin sa bunga ng ministri. Ang mga supernatural ay nagiging pangkaraniwan — isa pang pagsasama ng mag-asawa ang naisalba, isa pang kumbersyon. Pero makikita natin sa Kasulatan na ang kalangitan ay nagpipista sa tuwing merong isang kaluluwang nagsisisi (Lucas 15:7).

Ang pagiging pamilyar ay nagbubunsod sa panlalait, sabi nila. Pero sa palagay ko'y nagbubunga din ito ng pagpapabaya at pagiging kampante. Ang ministri ay nagiging isang trabaho na lang sa halip na alab ng damdamin. Takot akong baka mawala ang pagiging bago at ang alab sa ministeryo. Sabi ni Martin Llyod-Jones, okey lang na paulit-ulit ang pagmemensahe habang iyon ay meron pang ningas sa puso mo. Pero kung hindi na nag-aalab sa puso mo, huwag mo nang ipangaral iyon dahil isang mensahe na lamang iyon at hindi na isang buhay na mensahe na binigyang kapangyarihan ng Espiritu Santo ng Diyos.

Hindi man lamang nawalan ng pagkamangha si Apostol Pablo. Sa 1Timoteo 1:11, sinasabi ni Pablo ang tungkol sa kaluwalhatian ng Ebanghelyo at ng mapagpalang Diyos, at *"ito'y ipinagkatiwala sa akin upang ipahayg."* Sinasabi niya, *"Nagpapasalamat ako kay Cristo Jesus na ating Panginoon" (v. 12).*

Tinatanong ko ang aking sarili ng mga tanong na ito at hinihimok kayong tanungin din ang inyong sarili: meron ba akong tunay na alab para kay Cristo at sa ministri? Nawalan na ba ako ng pagkamangha sa aking relasyon kay Cristo at sa tawag ng ministri? Tumutukoy ito hindi lang sa mga tao sa sekular na ministri, kundi sa lahat sa atin bilang mga lingkod ng Panginoon. Puro na lang ba ako mosyon?

Pagpapabaya sa personal na relasyon sa Panginoon

Ito ang ikalawang potensyal na bitag. Sa Awit ni Solomon, sinasabi ng babaeng ikakasal sa kanyang minamahal, na inaalagaan niya ang pataniman ng ibang tao pero ang sarili niyang pataniman ay napapabayaan niya. (1:6). Di ba't ito'y larawan ng nangyayari kadalasan sa atin na naglilingkod sa Panginoon. – inaalagaan ang pataniman ng ibang tao, nagpapayo, nagpapahayag ng katotohanan, nananalangin para sa iba, pero napapabayaan ang personal na buhay? Ito ang panganib ng hindi pag-aalaga at pag-una sa ating personal na pamumuhay sa Panginoon, ang panganib ng pagmamadali, ang pamumuhay sa manna ng nakalipas at nakalipas na mga karanasan sa Diyos. Panganib ito ng paglilingkod na walang debosyon.

Ang talataang sumasaisip ko ay ang Lucas kapitulo 10, ang kuwento ni Maria at Marta. Si Marta ay abala sa paglilingkod sa Panginoon, pero nagagambala, nadadaig, nagugulumihanan sa sobrang paglilingkod. Nakalimutan niya ang isang bagay na natuklasan ng kanyang kapatid na kinakailangan. Iyon ay ang maupo sa paanan ni Jesus at makinig sa Kanyang salita. Ito ang wika ni Robert Murray McCheyene: "Hindi ang dami ng ginagawa sa paglilingkod sa Hari ang papalit sa kapabayaan sa mismong Hari." Ang paggawa para sa Kanya ay hindi mapapalitan ng pakikipagrelasyon sa Kanya.

Gustung-gusto ko ang mga kataga sa aklat ng pag-ibig ni Solomon kung saan inilalarawan ng babaeng ikakasal ang kanyang matamis na relasyon sa kanyang minamahal, at sinasabi sa kanya, *"Ako ngayon ay narito, isama mo kahit saan, At ako ay iyong dalhin sa silid mong pahingahan. ako ay kayang dalhin sa sagana niyang hapag, sa piling niya'y nadama ko ang pag-ibig niyang tapat." (1:4, 2:4).* Ang sabi niya, *"Sa gitna ng kagubatan katulad n'ya ay mansanas, ang kaliwa niyang bisig ay siya kong inuunan, habang ako'y hinahaplos ng kanan niyang kamay. Ang sinta ko ay akin at ako, nama'y kanya." (2:3,6,16).*

Ang usapan ay pagmamahal at pag-ibig; higit sa lahat ay isang larawan ng ating relasyon bilang babaeng pakakasalan ni Cristo. Isang panganib ang mapabayaan ito. Dapat itong arugain. Kinakailangan sa panahong ito ang pagkakaroon ng katahimikan at pagtatanggal ng ingay. Dapat nating hamunin ang bawat isa upang tiyakin na inaalis natin ang anumang bagay sa ating buhay na nagpapalayo sa atin sa pangunahing bagay, anumang sagabal sa ating relasyon sa Panginoon. Tanungin natin ang ating sarili: meron ba akong masigla, lumalago, malambing na relasyon sa Panginoong Jesus at kinakalinga ko ba ang aking ubasan sa pamamagitan ng araw-araw na paglagi sa Kanyang presensiya, sa Salita at sa pananalangin?

Ipinapahayag ang katotohanan ngunit hindi isinasabuhay

Ang ikatlong bitag ay pagpapahayag ng katotohanan na hindi natin isinasabuhay. Tayo kaya na nasa ministeryo ng revival ang mga nahuhuli sa pagkaalam na kinakailangan natin ng revival? Ang panganib ng paghahayag ng katotohanang hindi natin ipinamumuhay, ang pagsasabi ng mga bagay na hindi natin ginagawa, ang panganib ng pagkukunwari –ay lagi kong ikinababahala. Ngayong meron tayong radio ministry at nagbibigay tayo ng 260 mensahe taun-taon, talagang napakalaking hamon na ipamuhay ang aking itinuturo sa iba, ang pinapaniwalaan ko sa aking isipan, ang alam kong totoo, at ginagawang bago ang aking pagsunod at hindi lumalakad nang pakunwari.

Sinabi ni A.W. Tozer na ang isang pinakamalaking sumpa noong kapanahunan niya – at tutoong-totoo pa rin sa ngayon – - iniisip natin na dahil alam natin ay meron na tayo nito. Pero ang totoo ay malayung-malayo tayo sa katotohanan. Sa tingin ko ay mas makakabuti ang makarinig ng kakaunting katotohanan at hayaang makakilos ito nang husto sa ating buhay, na maging bahagi ito ng ating kaluluwa, kaysa magkapatong-patong ang ating mga mensahe. Isang malaking pagkalinlang ang makinig ng Salita ng Diyos pero hindi iyon gawin: *"Mamuhay kayo ayon sa salita ng Diyos. Kung ito'y pakikinggan lamang ninyo ngunit hindi isinasagawa, dinadaya ninyo ang inyong sarili."(Santiago 1:22).*

Naunawaan at nanalig si Apostol Pablo sa kapangyarihan ng mensahe ng buhay. Sinulat niya, *"Nagtuturo ka sa iba, bakit di mo turuan ang iyong sarili? Nangangaral ka laban sa pagnanakaw, bakit ka nagnanakaw? Sinasabi mong huwag mangalunya, ngunit nangangalunya ka naman! Nasusuklam ka sa mga diyus-diyusan, bakit ka pumapasok sa mga templo nito, makapagnakaw lamang? Ipinagmamalaki mong saklaw ka ng Kautusan, ngunit nilalapastangan mo naman ang Diyos sa pagsuway mo sa Kautusan! Sapagkat nasusulat, 'Ang pangalan ng Diyos ay nilalait ng mga Hentil dahil sa inyo."(Roma 2:21-24).*

Ang ngalan ng Diyos, ang ngalang gustung-gusto natin at sinasabi natin, ang ngalang ipinapahayag natin, ay malalait, hindi dahil sa sinasabi natin, kundi sa nakikita ng mga tao sa ating mga buhay. Wika ni Pablo, *"Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo" (1 Corinto 11:1).*

Kumbiksyon ko sa Diyos na hindi lang ang buhay ko sa harap ng mga tao ang dapat kundi kung sino ako sa pribado kapag walang nakakakita sa akin at walang ibang nakakaalam ng mga pagpili ko. Ano ang aking mga ginagawa sa sarili kong oras, paano ako tumutugon sa aking pamilya, sa aking grupo, sa aming kawani, sa mga nasa likod. Kung sino ako doon na hindi nakikita ng ibang tao at hindi malalaman. Naniniwala ako na kung ano ang aking ugali sa mga nakatagong oras ang may kinalaman sa kalayaan ng Diyos na gamitin ang buhay ko sa mga tao, at malaki ang kinalaman kung matatapos ko ang takbuhin.

Sabi ni Oswald Chambers na ang mensahe'y dapat maging bahagi ng ating buhay. Bago mapalaya ng mensahe ng Diyos ang mga kaluluwa ng mga tao, ang kalayaan ay dapat maging totoo sa iyo. Dapat nating itanong sa sarili kung meron bang isyu na inihayag ang Diyos sa Kanyang salita na hindi ko sinusunod? Namumuhay ba ako na nagsisisi. Sa Romania noong bungad ng '70s, ang mga Cristiano ay tinawag na mga "nagsisipagsisi" at dumating ang revival nang may isang pastor ang nagwika, "Oras na para magsisi ang mga nagsisispagsisi."

Ang tanong ay, nabubuhay ba ako bilang "nagsisisi"? Ang pribadong buhay ba – mga nanay, tatay, layko, propesyunal— ay nakaayon sa ipinahahayag ko sa ibang tao? Masasabi ko ba sa mga nagsisisunod sa akin, tularan ninyo ang buhay ko, at pagpapalain kayo ng Diyos?

Pagsandig sa Likas na Kakayanan

Ang ikaapat na bitag ay pagtitiwala sa likas na kakayanan. May panganib na magtiwala sa ating likas na kaloob at

(sundan sa pahina 3)

Pag-inom Sa Lumang Balon

ni Dave Butts

Mahal ko ang nasusulat na salita. Ang mga aklat, luma at bago, ay nagpabago ng malaki sa buhay ko. Ako ay naturuan, napalakas, nasaway, at nabigyan ng panibagong pangitain ng dakilang mga awtor. Ilan sa mga paborito kong aklat ay patuloy pang isinusulat. Ginagamit ng Panginoon ang aking mga kasamahan upang magministeryo sa akin sa pamamagitan ng kanilang mga sinulat. Ngunit nasusumpungan kong lagi ang aking sarili na nabibighani ng mga datihang awtor. Parang merong lalim at alab na hindi mapantayan sa ngayon. Maitutulad iyon sa pag-inom mula sa malinaw at malamig na tubig ng isang datihang balon na malalim. Ang Pahayag ay palaging umiigib mula sa lumang balong ito at patuloy kong gagawin ito.

Gusto kong ibahagi sa inyo ang ilan sa mga paborito kong sipi ng ilan sa mga awtor na ito. Ang iba ay maraming siglo na, samantalang ang ilan ay sa nakalipas na henerasyon. Dalangin ko na ang puso ninyo ay maantig gaya ng sa akin, habang binabasa ang mga hiyas na ito mula sa nakalipas:

"O mga lalaki at mga kapatid, ano kaya ang madadama ng pusong ito kung makakapaniwala ako na meron sa inyo na magsisiuwi at mananalangin para sa revival – mga lalaki na ang pananampalataya ay malaki at ang pag-ibig ay maapoy na aakay sa kanila mula sa sandaling ito upang magsagawa ng walang humpay na pagluhod upang ang Diyos ay magpakita sa atin at gumawa ng mga kamanghamanghang bagay ngayon gaya ng mga nakalipas na henerasyon" – C.H. Spurgeon

"Ang revival ay nagpapasimula sa sariling bayan ng Diyos; hinihipong panibago ng Diyos ang kanilang puso, at binibigyan sila ng bagong sidhi at alab, bagong liwanag at buhay... Anong laking responsibilidad itong nakasalalay sa Iglesia ng Diyos! Kung mapipighati Siya at lalayo o mahadlangan ang Kanyang pagdalaw, kung gayon ay magdurusa ang kawawang sanlibutan!" Andrew A.Bonar

"Ang magising ang isang lalaki o babae sa kapangyarihan ng pananalangin para sa iba ay mas mahalaga kaysa pinagsanib na gawain ng maraming mga Cristiano." A.J. Gordon

"Mamatamisin ko pang magsanay ng dalawampung lalaki upang manalangin kaysa isanlibo upang mangaral.... Ang pinakamatayog na misyon ng ministro ay ang turuan ang kanyang bayan upang manalangin." H. MacGregor

"Ang tunay na lingkod ng Diyos ay napipighati sa pagiging makasanlibutan ng Iglesia... nalulungkot sa pangungusinti ng Iglesia sa kasalanan, nalulumbay sa kawalang panalangin sa Iglesia. Nagagambala siya na ang sama-samang panalangin ng Iglesia ay hindi na naigugupo ang balwarte ng diyablo." Leonard Ravenhill

"Nasasaktan ka ba kaibigan, na ang pangalan ng Diyos ay nawawalang kabuluhan at nalalapastangan? Nalulungkot ka ba na namumuhay tayo sa isang lipunang walang Diyos?.. Ang pangunahing dahilan upang idalangin natin ang tungkol sa revival ay dahil nasasabik tayong makitang maipagtanggol ang pangalan ng Diyos at maipahayag ang Kanyang kaluwalhatian. Dapat tayong masabik na makitang mayroong nangyayari na bibihag sa mga bansa, sa lahat ng mga nilalang, upang sila ay tumigil at muling mag-isip." Martyn Lloyd-Jones

"Ang kasaysayan ng pagmimisyon ay kasaysayan ng panalanging tinugon. Mula noong Pentecostes hanggang sa Haystack meeting sa New England at mula sa kapanahunan ng pagmamartir nina John at Betty Stam, panalangin ang pinagmumulan ng kapangyarihan at sikreto ng espirituwal na tagumpay." — Samuel Zwemer

"Ibinibigay natin ang ating sarili sa panalangin. Nangangaral tayo ng ebanghelyo na nagliligtas sa lahat ng dako, at nagpapatotoo sa kapangyarihan nito. Hindi tayo nakikipagtalo tungkol sa pagiging makasanlibutan; basta nagpapatotoo tayo. Hindi tayo nakikipagdiskusyon tungkol sa pilosopiya; basta ipinangangaral natin ang ebanghelyo. Hindi tayo naghahaka-haka tungkol sa kahahantungan ng mga makasalanan, inaagaw natin sila mula sa apoy. Hindi natin hinihingi ang pagsang-ayon ninuman; hindi tayo namamalimos ng awa ng tao. Hindi natin kinatatakutan ang pag-ayaw ng sinuman... Huwag nawa tayong samahan ng sinumang natatakot, at ayaw natin ng anuman kundi yaong mga nangaliligtas, binabanal at nag-aalab sa apoy ng Espiritu Santo." Samuel Chadwick

"Ang ebanghelisasyon ng mundo sa henerasyong ito ay nakadepende una sa lahat sa revival sa panalangin. Mas malalim kaysa pangangailangan sa tao; higit na malalim kaysa pangangailangan sa salapi, ang kalaliman ng ating buhay na walang espiritu ay ang pangangailangan para sa nakalimutang lihim ng nananaig, pandaigdigang panalangin." Robrt E. Speer

"O, para sa pinakamalapit na pakikipagniig sa Diyos, hanggang sa kaluluwa at katawan, ulo, mukha at puso – ay magningning sa kaningningan ng Diyos! Robert Murray M'Cheyne

"May mga taong ayaw makarinig ng tungkol sa pagsisisi; pero sa palagay ko ay napakahalaga nito na kung mamamatay ako sa pulpito, nanaisin kong mamatay na ipinangangaral ang pagsisisi, at kung wala sa pulpito ay nanaisin kong isabuhay ito." Matthew Henry

"Kailangang kailangan ang isang malawakang revival ng buhay espirituwal, ng isang tunay na maningas na debosyon sa ating Panginoong Jesus, ng buong pagtatalaga sa paglilingkod sa Kanya. Ito ay tanging sa isang iglesia kung saan ang espiritung ito ng revival ay nagpasimula na, na merong pag-asa ng isang radikal na pagbabago sa relasyon ng nakararami sa ating kapwa Cristiano para sa pagmimisyon."Andrew Murray

"Ang alipin ng pag-ibig ay walang sariling kasiyahang papantay sa paglilingkod sa kanyang panginoon. Ito ang kanyang kaligayahan, ang kanyang putong ng kagalakan. Ang alipin ng pag-ibig ay buong-buo sa paglilingkod sa kanyang panginoon. Nakatitig siya sa kanyang panginoon. Nagmamatyag siya. Nakikinig siya sa kanyang panginoon. Handang sumunod ang kanyang isip. Handa ang kanyang mga kamay. Ang kanyang mga paa ay mabilis na uupo sa paanan ng kanyang panginoon at masdan ang kanyang mukha, pakinggan ang kanyang tinig at marinig ang kanyang tinig; sundin ang kanyang mga utos, gawin ang kanyang gusto, makibahagi sa kanyang kalungkutan, mag-abang sa pintuan, pangalagaan ang kanyang dangal, papurihan ang kanyang pangalan, ipagtanggol ang kanyang pagkatao, hanapin at itaguyod ang kanyang kapakanan, at kung kinakailangan, ang mamatay para sa kanya; ito ang kagalakan ng alipin ng pag-ibig, at ito ay kanyang ibinibilang na ganap na kalayaan." Samuel L. Brengle

---

Mensahe Mula sa Tagapaglathala

Ang Kapangyarihan ng Diyos na Kumikilos sa Pamamagitan ng Pananampalataya

ni Rich Carmicheal

Babasahing Kasulatan: 2 Hari 5:1-18

Marahil ikaw ay pamilyar sa istorya ni Naaman gaya ng nakatala sa ikalimang kapitulo ng Ikalawang Hari. Ang kapitulong iyon ay nagsisimula sa ganitong paglalarawan kay Naaman: *"Sa Siria ay may isang pinuno ng hukbo na labis na kinalulugdan ng hari pagkat matapang siya, makapangyarihan at pinapatnubayan ni Yahweh kaya laging matagumpay ang Siria. Ngunit siya'y ketongin. Siya ay si Naaman."* Para gumaling sa ketong, si Naaman ay naglakbay at pinuntahan si Propeta Elias, na nagpadala ng mensaheng ito kay Naaman:

"Pumunta ka sa Ilog Jordan. Lumubog ka ng pitong beses at mananauli sa dati ang iyong katawan. Gagaling ang iyong ketong." Kahit medyo inayawan ni Naaman ang tagubilin ni Elias, sa huli ay *"lumusong siya ng Ilog Jordan at lumubog ng pitong ulit." (t.14).* Mabilis na nagpasalamat si Naaman sa kagalingang ito kayat nagbalik siya kay Elias at ipinahayag, *"Buhay si Yahweh, ang Diyos na aking pinaglilingkuran.... Hindi na ako maghahandog sa ibang diyos liban kay Yahwew."(tt. 16-17).* Kamanghamangha ang ginawa ng Panginoon kay Naaman, at anong akmang tugon sa panig ni Naaman ang pagbibigay ng parangal at papuri sa Panginoon!

Nang binabasa ko ang istoryang ito kamakailan, naantig ako ng taong nagpasimula ng sunud-sunod na mga pangyayari na nagbunsod sa paggaling ni Naaman. Sang-ayon sa talatang 2, *"Ang mga taga Siria ay nakabihag ng isang babaeng Israelita. Ginawa nila itong katulong ng asawa ni Naaman. Sinabi nito sa kanyang babaing panginoon. "'Kung ang asawa ninyo ay lalapit sa propeta sa Samaria, tiyak na gagaling siya.'"* Ang pananampalataya, pag-asa at pagpapalakas ng loob ng bihag at aliping babae ay nagbigay ng ningning sa paggaling ni Naaman. Hinimok ng batang babaeng ito ang asawa ni Naaman, na siya namang nanghimok kay Naaman, na saka naman ibinahagi sa hari ng Aram, na natuwa namang talaga na ipadala si Naaman sa hari ng Israel at sa huli ay kay Eliseo. At ang naging resulta ng lahat ay gumaling sa ketong si Naaman, tumalikod siya sa mga diyos-diyosan, at kanyang kinilala at pinapurihan ang Diyos ng Israel bilang tanging tunay na Diyos.

Malayo ang narating ng ginawa ng aliping babae. Kumpiyansa siya na pagagalingin ng Panginoon si Naaman sa pamamagitan ni propeta Eliseo, at hindi nabigo ang kanyang pananampalataya! Mantakin ninyo ang kanyang tuwa at ang tuwa ng asawa ni Naaman, nang ang balita tungkol sa paggaling ni Naaman ay nakarating sa kanila?

Ang lalo pang nakakapagpahanga sa pananampalataya at lakas ng loob ng batang babaeng ito ay dahil ang pagpapagaling ay hindi nagaganap noong kapanahunang iyon. Sa pasimula ng kanyang ministeryo, nasambit ni Jesus na, *"Sa dinami-dami ng mga ketongin sa Israel noong kapanahunan ni Eliseo, walang pinagaling isa man sa kanila; si Naaman pang taga-Siria ang pinagaling.."*(Luke 4:27). Natatangi si Naaman. Naniwala ang babaeng ito na gagaling si Naaman sa ketong kahit na ang ibang mga ketongin ay hindi nakakatanggap ng kagalingan. Posible na pati si Naaman ay hindi rin gumaling kung hindi sa pananamapalataya ng babae.

Naniniwala akong isa sa mga dahilan kung bakit isinasama ng Panginoon ang mga talatang gaya ng sa babaeng ito ay upang paalalahanan tayo kung paano Siya kumikilos sa pamamagitan ng mga tao upang pagpalain ang ibang mga tao. Kumikilos Siya sa pamamagitan ng ating pananampalataya, ating mga panalangin, ating mga salitang nagpapalakas-loob, ating mabubuting gawa, ating patotoo, ating paglilingkod at iba pa. Binibigyan Niya tayo ng pribilehiyong maging mga instrumento para sa mga dakilang layunin (2 Timoteo 2:21), mga ministro ng Kanyang biyaya (1 Pedro 4:10). Kahit hindi natin nauunawaan sa kasalukuyan ang ganap na epekto ng magagawa ng ating pananampalataya at mga gawa, makatitiyak tayo na ang Panginoon ay kumikilos sa pamamagitan ng lahat nating sinasabi at ginagawa alang-alang sa Kanya. Gaya ng paalala sa atin ni apostol Pablo, *'Sa Diyos na makagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihang naghahari sa atin...". (Efeso 3:20).* Ang ating sinasabi at ginagawa ay nakakaapekto sa iba ngayon at sa walang hanggan dahil kapangyarihan ng Diyos ang kumikilos sa pamamagitan natin.

Siyempre, ang layunin ng lahat ng ito ay upang tumanggap ang Diyos ng kaluwalhatian. Kahit na may ginampanang mahalagang papel ang batang babaeng alipin sa paggaling ni Naaman, ibinigay ni Naaman ang lahat ng kaluwalhatian sa Diyos dahil alam niya na ang kapangyarihan ng Diyos ang nagbigy sa kanya ng kagalingan: *"Napatunayan kong walang ibang diyos sa ibabaw ng lupa kundi ang Diyos ng Israel."(t. 5).* Gayundin, kapag ibinabahagi natin ang biyaya at kapangyarihan ng Diyos sa iba at tumatanggap sila ng kagalingan, kaligtasan at kalayaan, kapayapaan, pag-asa, kalakasan at iba pa, ang Panginoon natin ang tatanggap ng kaluwalhatian para doon. Pinapalakas ang loob natin ni apostol Pedro

(sundan sa pahina 4)

Mga Potensiyal na Bitag sa Ministeryo

(mula sa pahina 1)

kakayanan. Lalong marami kang kakayanan, mas malaki ang panganib. Maaaring dumating tayo sa punto na hindi na tayo nakasandig sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang maglingkod sa Diyos at mahalin ang Diyos at mamuhay ayon sa Kanyang biyaya. Pwedeng humantong tayo na paggawa natin ng ministri na wala ang Diyos.

Sinabi ni Apostol Pablo, *"Mga kapatid, nang ako'y pumariyan, ipinahayag ko sa inyo ang lihim na panukala ng Diyos, ngunit hindi sa pamamagitan ng malalalim na pananalita o matataas na karunungan. Ipinasiya kong wala akong ipangangaral sa inyo kundi si Jesu-Cristo na ipinako sa krus. Kaya mahina, takot, at nanginginig akong humarap sa inyo. Sa pananalita at pangangaral ko'y hindi ko kayo inakit ng matatamis na pangungusap batay sa karunungan ng tao, kundi sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan ng Diyos. Kayat hindi sa karunungan ng tao kundi sa kapangyarihan ng Diyos nababatay ang inyong pananalig kay Cristo." (1 Cor. 2:1-5).* Ang tanging gawaing mananatili hanggang sa walang hanggan ay ang mula sa mapakumbabang pagsandig sa kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos.

Saka meron tayong tendensiya na sumandig din sa kasangkapan, programa at kakayanang gawa ng tao. Sa halip na ibuhos ang ating buhay para sa ating kapwa, binigyan natin sila ng kasangkapan, ng kakayanan at ng programa. Mga walang buhay ang mga ito malibang nasa kamay ng isang lalaki ng Diyos na may pag-asam sa kapangyarihan ng Espiritu Santo ng Diyos. Tinatawagan tayo ng Diyos na ialay ang ating buhay para sa kapatiran. Sinabi ni Apostol Pablo, *"Dahil sa laki ng aming pagmamahal sa inyo, itinalaga namin ang aming sarili sa pangangaral sa inyo ng Mabuting Balita. Hindi lamang iyan, pati ng aming buhay ay ihahandog namin, kung kinakailanganin. Lubusan na kayong napamahal sa amin."(1 Tesa. 2:8).*

Ang pagsandig sa likas na kakayanan – ang sariling pamamaraan at programa – ay walang bisang pampalit sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu ng Diyos. Hinahayaan ko ba ang Diyos na pilitin ako at hilahin ako mula sa aking pagiging kuntento at iniisip kong kayang-kaya ko. Inihahain ko ba ang buhay ko para sa mga tao o ipinapatupad ko lang ang mga prinsipyo at mga programa sa kanilang mga problema?

Pagliko sa landas ng kababaan

Ang ikalima ay bitag na kinakaharap nating lahat – ang panganib ng kayabangan, ng pagiging makasarili. Sinabi ni Propeta Samuel kay Haring Saulo, *"Noong una, ikaw mismo ang nagpakilalang ikaw ay hamak. Ngayon, ikaw ang pangunahin sa Israel sapagkat hinirang ka ni Yahweh at pinahiran ng langis upang maging hari."* (1 Sam. 15:17). Tingnan ang nangyari kay Saulo: inisip niyang pwede siyang hindi makasali sa palatuntunan ng Diyos. Yumayabang tayo sa ating mga nalalaman, yumayabang sa ating mga nagawa, yumayabang dahil sa ating reputasyon bilang isang ministeryo. Hindi halata na gusto kong marinig ang aking pangalan, gusto kong mapansin. Gusto natin ng papuri ng mga tao. Napakabuti ng Diyos na binunot Niya ito, pero mabilis itong tumutubo. Natutuwa tayo sa papuri at nanlulumo sa pagpintas. Ang kayabangan ay pagiging makasarili, nabubulag tayo sa sarili nating mga pangangailangan at hindi na tayo handang magpaturo.

Dumidepende tayo sa sarili nating kaparaanan upang magmukhang kahanga-hanga o maganda. Mas maganda ang ating reputasyon, mas malaki ang panganib o tendensiya , dahil meron tayong imahe na dapat panatilihin at reputasyon na dapat patunayan. Mas maraming tao ang nakatingin sa atin, mas mahirap ang maging transparent, maging matapat kung nasaan tayo sa ating pamumuhay sa Panginoon, upang ibahagi ang ating pangangailangan sa iba.

Paulit-ulit na sinabi sa amin ng aming ama nang kami ay bata pa ang kahalagahan ng paghingi ng payo. Kapag meron akong kababaan, humihingi ako ng payo ng ibang tao. Ano ang nakikita mong kahinaan sa buhay ko? Si Del Fehsenfeld, ang nagtatag ng Life Action, ay laging nagsabing ang lalaking huling makakaalam na may punit ang kanyang dyaket ay ang taong may suot nuon. Kayat kailangan natin ang bawat isa para makita ang mga kahinaan natin, pero madaling mapapunta sa lugar na hindi na natin tinatanggap ang pagtuturo ng ibang tao sa ating mga kahinaan.

Hayaan ninyong banggitin ko si WilliamGurnall, isang Puritan preacher noong ika-17 siglo, na nagwika, "Ang pagkaalam ng iyong kalakasan ay nakasalig sa Diyos at hindi sa iyong sarili, manatiling mababa kahit na pinagpapala ka ng Diyos at ginagamit ka nang husto." Ganito ko sasabihin iyon, *"lalo na kung ginagamit ka nang husto ng Diyos."* Sabi ni Gurnall, ang "pabor ng Diyos ay hindi gawa ng sarili mong mga kamay, o halaga ng buhay mo. Paano mo maipagmamalaki ang isang bagay na hindi mo binili? Kung ginagamit mo ang lakas ng Diyos para sa sarili mong dangal, agad Siyang magsasagawa ng pagsusulit at babawiin ang talagang sa Kanya.

Kayat tinatanong natin ang ating sarili, lumalakad ba ako sa kababaan? Meron ba akong espiritung handang magpaturo? Heto ang mga katanungan na dapat itanong: Meron ba akong pusong tulad ng isang alipin o gusto kong paglingkuran ako ng ibang tao? Nakikita ko ba ang sarili ko bilang alipin ng Panginoong Jesus, isang alipin at lingkod ng kapwa ko? Namamangha ba ako na ginagamit ako ng Diyos? Pinapahalagahan ko ba ang lahat, pati mga tao na hadlang sa akin, itinuturing ko bang mas magaling ang ibang tao kaysa sa akin?

Kuntento na sa Buhay

Ang ikaanim na potensyal na bitag ay ang panganib ng paglakad sa pamamagitan ng nakikita sa halip ng sa pananampalataya, ng pagsandig sa ating mga natamo, ang pagiging kuntento sa ginawa ng Diyos sa pamamagitan natin, pero hindi tumatawag sa Kanya at nagtitiwala sa Kanya sa mga bagay na kasinlaki ng Diyos. Maaari tayong maparoon sa lugar na hindi na natin isinasagawa ang pananampalataya; kuntento na tayo na umaandar ang makina. Palaging sinasabi ng aking ama, tangkain ang isang bagay na napakaimposible, malibang naroon ang Diyos, tiyak itong babagsak. Hindi niya ito orihinal, pero kinalakihan ko ang gayong kaisipan at nakita ko ang sarili kong pinagpupursigihan ang lahat ng mga bagay na itinakda ng Diyos para sa akin at sa relasyon ko sa Kanya at sa alinmang ministeryong kalulugdan Niyang ipagkatiwala sa akin. Hindi ako likas na mahilig sa mga hamon at kuntento na lang sa kinalalagyan ko.

Patuloy akong nahamon ng buhay ni Caleb. Mababasa mo ang tungkol sa kanya sa Josue 14:6-15. Lalo niyang hinanap ang Diyos, pero nang dumating siya sa edad na walumpu't lima, sinasabi niya na gusto pa niya ng isa pang bundok na aakyatin para sa Diyos. Tinanong ko ang Diyos kung malulugod Siya na bigyan ako ng pribilehiyo na paglingkuran Siya ng buong puso at anumang lakas na ibibigay Niya hanggang sa edad na 85. Nasain ng puso ko na magsumigasig sa larangan ng pananampalataya, at hindi makuntento sa basta na lang, kundi laging ginagamit ang pananampalataya.

Kayat nagtatanong tayo, isinasakatuparan ko ba ang pananampalataya sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos at hinahangad ko ba ang mga bagong pangitain at mga sariwang oportunidad upang maluwalhati Siya? Anu-ano ang pinaniniwalaan ko sa Diyos na tanging Siya ang makagagawa? Hindi lang ito sa inyong iglesia o sa inyong ministeryo, kundi sa inyong tahanan. Mga ina, lola, anu ang pinananampalatayanan mo sa Diyos sa buhay mo na imposible kung wala ang Diyos?

Naglilingkod nang walang pag-ibig

Ang ikapitong potensyal na bitag ay ang paglilingkod sa Diyos nang walang pag-ibig. Ang dalawang pinakadakilang utos, sabi ni Jesus, *"ay ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong pag-iisip, at ng buong lakas." At "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili." (Marcos 12:30-31).* Kung ito ang mga pinakadakilang utos, ano kung gayon ang mga pinakadakilang kasalanan? Ang ibigin ang Diyos at kapwa ng halos buong pagkatao natin. Sa pag-aaral natin ng Kasulatan ay makikita natin doon ang isang Diyos na buong-alab ang pag-ibig sa pakikitungo Niya sa mga tao, at Diyos na nagdadalamhati kapag ang Kanyang bayan ay iniiwan ang kanilang unang pag-ibig. Dapat natin ipaabot sa ating daigdig ang pag-ibig na iyon ni Cristo. Paano malalaman ng mundo ang maalab na pag-ibig ng Diyos kung hindi nakikita sa atin ang pagiging maibigin? Delikadong iwanan ang pag-ibig na iyon para sa Kanya, ang maging kuntento na lang na kilala Siya, at merong tamang doktrina, tamang kilos, tamang asal, lahat ng tama – pero walang alab ng pag-ibig para sa Diyos.

Ang panganib ay ang paglilingkod nang walang pag-ibig para sa kapwa at katawan ni Cristo, ang tendensiya na ituring ang isa't isa na balewala, lalo na sa loob ng sarili nating ministeryo. Palagi akong inuusig ng Diyos tungkol dito. May tendensiya ako na kaligtaan ang mga taong nasa paligid ko na naglilingkod nang buong tapat, at walang pusong puno ng pag-ibig at pasasalamat at kabaitan sa kanila. Napakadaling mawalan ng pag-ibig na nagpapanumbalik, pag-ibig na nagpaparaya, pag-ibig na nagpapalagay ng pinakamabuti para sa iba, pag-ibig na mabait. Kung minsan sa ministeryo ay naiinis tayo sa mga taong mahirap kasama. Tanda iyan na nawala na ang ating pag-ibig. Kapag puspos tayo ng pag-ibig ni Cristo, nanaisin natin na ibigin ang mga taong mahirap kasama upang sila ay lumago at manumbalik sa Diyos. Nais nating ialay ang ating buhay sa kanila.

Ang maglingkod nang walang pag-ibig ay nagdidiskwalipika sa atin sa karera. Ang ibigin ang Panginoon nating Diyos, sabi ng awit, ang siyang tibok ng puso ng ating misyon. Dito dumadaloy ang ating paglilingkod. Kung ang ating paglilingkod ay hindi bumubukal mula sa pag-ibig para sa Diyos at sa tao, kung gayon ay balewala ito. Nais kong magkaroon ng puso ni Jesus nang Kanyang inabot at hinipo ang isang ketongin. Ipinakita ni Jesus ang pag-ibig ng Diyos para sa sanlibutan. Hindi ko lang gustong magbigay ng mensahe sa mga kababaihan kundi gusto ko ring kalingain ang mga kababaihan. Nais kong ibigin ang mga tao, at iyan ay mula sa pag-ibig sa Diyos. Wala ako ng ganyang klase ng pag-ibig, pero meron ang Diyos at inihahasik ng Espiritu Santo sa puso ko ang pag-ibig ng Diyos. Diyan ko nais mapuspos. Kayat tinatanong natin, ang paglilingkod ko ba ay nauudyukan ng isang tunay na pag-ibig para sa Diyos at sa tao?

Kawalan ng Pangitain

Ang ikawalong potensyal na bitag ay pagkawala ng pangitain. Sa tingin ko ay sa dalawang paraan ito nagaganap. Ang una ay pagkalimot kung gaano kalaki ang Diyos, at ito ay nagbubunsod sa panghihina ng loob. Nawawalan tayo ng loob at iniisip, ano pa ang silbi? Napakabigat ng kaaway. Nawawalan tayo ng loob dahil tumitingin tayo sa ating paligid at napupuno ang ating paningin ng mundo at hindi ni Jesus. Nawawala ang ating pananaw at nalilimutan kung gaano kadakila ang ating Diyos.

Sinabi ni G.Campbell Morgan maraming taon na ang nakalilipas: "Ang pinakamalaking pangangailangan sa alinmang panahon ng kahirapan at pagdurusa ay ang panibagong pangitain ng Diyos. Sa pagtanaw sa Kanya, ang lahat ng bagay ay nagkakaroon ng panibagong pananaw at lawak." Sa 2 Hari, kapitulo 6a, mababasa natin kung kailan dumating ang hukbo ng Siria at kinubkob ang sambahayan ni Eliseo sa Dothan. Tumanaw ang kanyang mga alipin at nakita ang lahat ng makapangyarihang karwahe at mga

(sundan sa pahina 4)

Mga Potensiyal na Bitag sa Ministeryo

(mula sa pahina 3)

kabayo at sundalo at hukbo, at nasabi niya, "Ano ang gagawin natin?" Ang tanging nakikita niya ay ang kalaban. Di ba't ganyan tayo kadalasan? Ang nakikita lang natin ay ang kalabang pumapalibot sa atin – lahat ng walang Diyos na mga batas at mambabatas, mga pulitiko at mga hukom, mga makasalanan sa ating mga iglesia at sa labas ng ating mga iglesia .... Nadadaig tayo ng mga pangitain ng kasamaan at ng kaaway.

Idinalangin ni Eliseo, *"Yahweh, ibukas mo ang kanyang paningin."* (t. 17). Nang binuksan ng Diyos ang mga mata ng kanyang alipin, nakita niya na ang mga burol ay puno ng mga karuwahe at mga kabayo ng apoy, ang hukbo ng kalangitan! Matagal nang naroon ang hukbo, hindi lang niya nakita. Mga kaibigan, naririto sila! Napapalibutan nila tayo! Ang kapangyarihan ng Diyos at Kanyang hukbo sa kalangitan ay higit na malakas kaysa lahat ng kapangyarihan ng kasamaan, lahat ng kapangyarihan ni satanas, lahat ng kapangyarihan ng ating kaaway. Kinakailangan lamang nating itingala ang ating mga mata ng pananampalataya sa pinagmumulan ng ating kalakasan. Ang lakas natin ay galing sa Panginoon nating Diyos, ang lumikha ng langit at lupa. Nagugulat tayo sa tanawin ng kaaway. Kinakailangan nating mapuspos ng tanawin ng napakalaking Diyos.

Huwag kalilimutan ang nagpasulat ng pangwakas na kabanata. Sa Diyos ang huling kilos. Magwawagi ang Diyos. Hindi Niya kailanman iniwanan ang Kanyang trono kahit isang saglit. Naroon pa rin Siya. Kinakailangan lang nating isipin ang mga dakilang bagay tungkol sa Diyos, alalahanin kung gaano kalaki ang Diyos. Kung hindi natin gagawin ito, manlulumo tayo.

Sinabi ni Oswald Chambers na ang ating mga sirkumstansiya ang mga paraan ng pagpapakita kung gaanong kamanghamanghang perpekto at di-karaniwan at dalisay ang Anak ng Diyos. Ang ilan sa inyo ay nasa mga pangyayari na nagpapahina at nagpapalumo sa iyo. Ibahin ang inyong pananaw dito, sabi ni Oswald Chambers. Tingnan na ang mga mismong sirkumstansiyang iyon ang mga kaparaanang bigay ng Diyos upang ipakita sa mundo kung gaano makapangyarihan at mabuti ang Diyos. Kapag nakita ng mga tao kung paano ka tumutugon doon, may pagkakataon ka para maluwalhati si Cristo.

Ilan sa atin ay dumaranas ng pinansiyal na kahirapan sa ating ministeryo. Binabasa ko ang walang-putol na awtobiograpiya ni George Muller. Kumupkop siya ng mga ulila at ang dahilan kung bakit nagbukas siya ng bahay ampunan ay dahil gusto niyang ipakita sa mundo kung gaano kalaki ang Diyos. Ang mga kuwento ay paulit ulit lang: merong pangangailangan; hindi alam ang gagawin; walang pag-asa ang sitwasyon; tumawag tayo sa Diyos; itingala natin ang ating mga mata sa Kanya; nagbigay ang Diyos at pinapurihan natin Siya! Habang iniisip ko ang ilang pangangailangang pinansiyal na kinakaharap ng ating ministeryo, kung minsan ay natutukso ako, na magdabog, magduda, kumilos sa gusto ng laman sa halip na maghintay na may pagdepende sa kapangyarihan ng Espiritu Santo ng Diyos. Habang binabasa ko ang istorya ni George Muller, nakita ko sa paraan ng pagtugon niya sa kanyang sirkumstansiya kung gaanong wagas at dalisay ang Anak ng Diyos. At nais kong ang buhay ko ay maging mabuting halimbawa ngayon sa mundo kung ano ang magagawa ng Diyos.

Nawawala ang ating perspektibo kung malilimutan natin kung gaano kalaki ang Diyos, at saka mawawala ang ating pananaw kung malilimutan natin kung gaano tayo kaliit. Ang totoo, kung wala si Cristo ay wala tayo, wala tayong magagawa. Nasasa atin ang buhay ni Jesus at ang walang kapantay na kapangyarihan, ang kapahayagan, ay si Cristo at hindi tayo.

Kayat ito ang ating tanong, ipinapakita ba ng buhay ko ang isang kumbiksyon na ang Diyos ay walanghanggan ang kapangyarihan at Siya ay naghahari, na Siya ay napakalaki at kayang lutasin ang bawat suliraning meron tayo, at tayo ay mga alipin lamang ng Panginoong Jesus.

Paghanap ng Kaginhawahan

Ang ikasiyam na potensyal na bitag ay paghahanap ng kaginhawahan at alwan, dahil nagsasawa na sa ginagawa. Habang tumatagal tayo sa takbuhin, lalong tumitindi ang ating paghihinawa kung tayo ay hindi pinapalakas ng kapangyarihan ng Espiritu ng Diyos. Pagkalipas ng maraming taon ng paglilingkod ay gusto na nating maghanap ng ginhawa at sarap. Pakiramdam mo ay parang gusto mo na lang magpahinga. At aaminin ko sa inyo na may mga pagkakataong ayaw kong gumawa ng anumang mahirap na bagay. Ayaw kong magpatuloy sa pagtakbo kung minsan. Ito ay pagkamakasarili at kayabangan, at nahihiya akong sabihin sa inyo na naiisip ko yon.

Ang tendensiya ay magrelaks, magpahinga at maramdamang marami na tayong nagawa at karapatdapat na tayong magpahinga. Pati sa pag-aasawa ay nawala na rin ang moralidad. Sa tingin ko'y marami ang nahuhulog dito. Isa na si HaringDavid na namamahinga sa palasyo habang panahon ng pakikipaglaban (2 Sam. 11:1). Hindi kailangan ng labanan si David at hindi rin kailangan ni David ang labanan, at sa panahon ng maraming taon ng pagtatapat, dumating ang di-inaasahang pagsuway.

Alam ng Diyos sa aking ministeryo, na kinakailangan kong itakwil ang aking laman at kinakailangang minsan pang mag-empake ng aking maleta at minsan pang sumakay ng eroplano, minsang pang tumira sa isang otel at minsan pang kakain sa isang restoran at minsan pang pulungin ang isang grupo – ang mga bagay na ito na nakakapagod ay lalo't higit na kakailanganin ko ang Diyos, nanaisin ko ang Diyos.

Binanggit ni WilliamGurnal: "Kung ikaw ay isang banal, ikaw ay sa Diyos, at tumatakbo ka sa karera hindi para sa iyong sarili kundi para sa Kanya. Ang hangarin Niya ang dapat mauna bago ang sa iyo. Kung ang mga alipin ay makapamimili kung saan nila nais manirahan, marami ang pipiliin ang palasyo kasama ang prinsipe, pero kadalasan hindi ito makabubuti para sa Panginoon. Kayat ang mga umiibig sa Kanya nang labis ay hindi lang itinatanggi ang mga kasiyahan sa palasyo, kundi nagboboluntaryo sila sa paglilingkod doon sa hangganan kung saan pinakamalakas ang kaaway, at pinasasalamatan nila ang prinsipe para sa dangal ng paglilingkod sa Kanya."

Si David Livingstone, ang dakilang misyonerong mambabatas ng kontinente ng Africa, ay dumalangin ng isang panalangin na aking inangkin sa paglipas ng mga taon, at ipinapahayag nito ang aking nasain at paniniwala, at ng marami din sa inyo: "Panginoon, isugo Mo po ako kahit saan, bastat ako'y Inyo lang sasamahan. Ipataw mo sa akin ang alinmang pasanin, basta ako'y Inyo lang aalalayan, at putulin ang lahat ng uri ng tali maliban sa taling nagbubuklod sa Inyo at sa akin sa paglilingkod ko at sa puso Ninyo."

Kayat tanong ko, kung ang ministeryo ng Iglesia, ng pamilyang pinaglilingkuran mo, ay hindi kasinlakas ng pamumuhay mo sa Diyos, ano kaya ang kondisyon ng ministeryong iyon? Tayo ba ay mapaghanap sa sarili o nagtatakwil ng sarili? Naisuko na ba natin ang lahat nating karapatan para sa ating personal na nasain, kaginhawahan at sarap? Nililinaw ng Kasulatan sa Lumang Tipan at lalo na sa Bagong Tipan na ang ministeryo ay isang pagkakatiwala, isang malaking responsibilidad. Dapat tayong maging mapagpatuloy dahil isang araw ay magbibigay sulit tayo at tatanggap ng gantimpala.

Merong talata sa Lumang Tipan na gusto kong dito magwakas – kapitulo 8 ng Ezra. Habang naghahanda si Ezra sa pag-alis sa Babilonia upang dalhin ang isang grupo ng mga ipinatapon pabalik sa Jerusalem, tinawag niya ang ilang piling mga lalaki, labindalawa sa kanila ay mga pari (t. 24), at isinalin niya sa kanila ang pagtatago ng lahat ng mga ginto at pilak at mga mamahaling kasangkapan na ibinigay sa kanila para sa templo sa Jerusalem. Libong milya ang kanilang lalakbayin, at isinakamay niya sa kanila ang mga mamahaling regalo. Sabi niya sa kanila, *'Kayo ay mga nakatalaga kay Yahweh, gayon din ang mga kasangkapang ito. Ang mga ginto at pilak naman ay kusang handog kay Yahweh, sa Diyos ng inyong mga magulang. Ingatan ninyo itong mabuti hanggang sa maibigay sa mga punong saserdote, mga Levita at sa mga punong sambahayan ng Israel. Ito'y ibibigay ninyo sa kanila sa Jerusalem, sa loob ng bahay ni Yahweh."*(tt. 28-29).

Sinabi pa ni Ezra sa ikaapat na araw pagkarating sa Jerusalem, sa loob ng tahanan ng Panginoon, ang pilak at ginto at mga kasangkapan ay tinimbang sa mga kamay ng mga pari. Ang lahat ay binilang at tinimbang at ang timbang ng lahat ay itinala.

Tayo ay nasa paglalakbay patungo sa Jerusalem at inilagay ng Diyos sa ating mga kamay ang isang pambihirang kayamanan, ang Ebanghelyo at ang ministeryo ng Ebanghelyo, at ang mga buhay ng ating pinaglilingkuran, mga tao na kailangan ang ebanghelyo. Iniatang sa ating mga kamay ang ganyang mamahaling mga yaman. Sa ating paglalakbay, kung wala sa atin ang kamay ng Diyos, hindi tayo makatatagal, ngunit sumasaatin ang kamay ng Diyos, at sinasamahan Niya tayo sa ating tabi, unahan at likuran, upang harapin ang ating mga kaaway. Kaya't tayo ay doroon sa makalangit na templo sa presensiya ng ating dakilang Mataas na Saserdote, at anong ligaya na ang bawat pasanin dito sa lupa ay balewala kung maibibigay natin sa Kanya ang mga yaman at sasabihin, "Panginoon, sa biyaya Ninyo ay naritong lahat; walang kulang, ibinibigay ko sa Inyo."

Sumainyo nawa ang kamay ng Diyos at maging tapat sa inyo hanggang sa wakas. *"Sa kanya na makapag-iingat sa inyo upang hindi kayo magkasala, at makapaghaharap sa inyo nang walang kapintasan at may malaking kagalakan sa kanyang kaluwalhatian – sa iisang Diyos na ating Tagapagligtas, sa pamamagitn ni Jesu-Cristong Panginoon natin – sa kanya ang kapurihan, karangalan, kadakilaan at kapangyarihan, mula pa noong una, ngayon, at magpakailan pa man! Amen"(Judas 24).*

Nancy Leigh DeMoss. Ginamit na may pahintulot ng Revive Our Hearts, P.O. Box 31, Buchanan, MI 49107-0031.

Ang Kapangyarihan ng Diyos na Kumikilos sa Pamamagitan ng Pananampalataya

(mula sa pahina 2)

"Bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang kaloob ng Diyos, gamitin ninyo sa kapakinabangan ng lahat ang katangiang tinanggap ng bawat isa. Ikaw ba'y tagapangaral? Ipangaral mo ang salita ng Diyos. Ikaw ba'y tagapaglingkod? Gamitin mo sa paglilingkod ang lakas na kaloob sa iyo ng Diyos upang siya'y papurihan sa lahat ng bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa kanya ang kapangyarihan at karangalan magpakailanman! Amen" (1 Pedro 4:10-11).

Purihin ang Panginoon sa pagkakataon na mapagpala ang buhay ng iba ng Kanyang biyaya at kapangyarihan! Dapat tayong mag-ingat upang huwag mamaliitin ang lakas ng epekto ng isang katagang nagpapalakas na ibinabahagi natin, o isang mabuting gawa na ginagawa natin. Ang ating Diyos ay tapat na gagawa sa pamamagitan ng lahat nating ginagawa sa iba alang-alang sa Kanya. Tingnan na lang ang ginawa Niya para kay Naaman sa pamamagitan ng isang tulong na ibinigay ng isang babaeng alipin.

Kayat hinihimok ko kayo na magpatuloy sa gawain ng Panginoon. *"Di nasasayang ang inyong pagpapagal para sa kanya" (1 Corinto 15:58). "Kayat huwag tayong magsawa sa paggawa ng mabuti; pagdating ng takdang panahon, tayo'y mag-aani kung hindi tayo magsasawa." (Galacia 6:9).*

Ang Lumulupig na Kapangyarihan ng Panalangin

ni Ruth Paxson

Ang gawain ng Diyos sa daigdig ay gahigante. Itinalaga ng Diyos ang Kanyang sarili para iligtas ang mga tao. Gumagamit ng tao ang Diyos upang iligtas ang mga tao. Sinabi Niya kay Pablo: *"Pumaroon ka! Sapagkat hinirang ko siya upang ipakilala ang aking pangalan sa mga Hentil, sa mga hari, at sa mga anak ng Israel" (Gawa 9:15).* Ang ating Diyos mismo ang mag-aakay sa atin upang maniwala na ginaya ni satanas ang Kanyang mga pamamaraan at gumagamit din ng mga tao upang isakatuparan ang kanyang masasamang layon. *"Ngunit hinarap siya ni Jesus at sinabihan, 'Lumayo ka, satanas! Hadlang ka sa aking landas. Ang iniisip mo'y hindi sa Diyos kundi sa tao." (Mateo 16:23).*

Winawasak ng diyablo ang mga tao sa pamamagitan ng mga tao. Bawat buhay ng isang tao ay isang mainit na labanan. Ang makadiyablong sandata ng kasalanan, bisyo, kasakiman, pag-iimbot, kayabangan, kalayawan, pagkainggit, karamutan, pagdududa, at kawalang pananampalataya ay nakatutok na lahat sa kaluluwa ng mga tao para sa kanilang pagkawasak. Aling panig ang magwawagi?

Tiyak na kapag nagwagi ang mga lalaki ng Diyos, ito ay sa pamamagitan ng pagpapakawala ng supernatural na kapangyarihan ng Diyos. May paraan ba para magawa ito? Meron bang puwersang maikakabit sa pinakamalakas na kapangyarihan ng Diyos upang mapaatras ang kaaway? **Ito ay ang malakas, nanlulupig na kapangyarihan ng panalangin.** Ang panalangin ay plano ng Diyos: Ang Kanyang supernatural na kapangyarihan.

Ang panalangin ay gumagawa

Sa lahat ng mga tungkuling nakaatang sa Cristiano, ang pinakapangunahin, mahalaga, mabisa at maluwalhati ay intersesyon. Ang panalangin ay pakikipagniig sa ating Ama sa langit. Hindi ako magbabawas ng anumang kudlit sa banal na kaisipan ng panalangin. Pero hindi pwedeng mapag-aralan ang buhay ng ating Panginoon, o ni Pablo, o sinumang magigiting na lalaki ng Diyos, nang hindi nakukumbinsi na ang panalangin ay gumagawa, at ang pagdulog ang pinakamalakas at pinakamabisang puwersa sa buhay ng mga lalaki ng Diyos.

Pakinggan ang subok na mandirigmang si San Pablo: *"Mataimtim naming idinadalangin araw-gabi na kayo'y muli naming makita..." (1 Tesa. 3:10). "Ibig kong malaman ninyo kung gaano kalaki ang pagsisikap ko para sa inyo"* (Col. 2:1). *"Ipinamamanhik ko sa inyo...tulungan ninyo ako sa pamamagitan ng inyong taimtim na panalangin."*(Roma. 15:30). Hindi mo ba nakikita ang pawis sa noo ni Pablo at nadarama ang sobrang hirap matapos niyang maipanalangin ang mga taga Tesalonica at Colosas na mga Cristiano?

Para kay Pablo ang panalangin ay hindi isang mahina o trabahong pambabae – hindi ito anestesya para patulugin ang kanyang espiritu. Si Pablo ay isang ganap na sundalo. Alam niyang nasa mainit na labanan siya at ang kanyang kaaway ay mas malakas kaysa sa kanya, kung pantaong usapan lamang. Ang kanyang tanging pag-asa para magwagi para sa kanyang sarili, para sa iba, at para sa kanyang Panginoon na Kanyang ipinaglalaban, ay sa pamamagitan ng pakikipag-isa sa panalangin sa Makapangyarihang Diyos.

Panalangin ang pinakatugmang gawain sa plano ng Diyos upang ipalaganap ang kaharian ni Cristo dito sa lupa

Bakit pangunahin? Dahil sinabi ni Jesus, *"wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa akin."* (Juan 15:5). Tayo ay walang lakas maliban kay Cristo, at ang tanging daan at pagkuha ng Kanyang lakas ay sa pamamagitan ng panalangin. Kung gayon, upang matupad natin ang anuman sa kaharian ng Diyos, kailangan nating manalangin.

Panalangin ang pinakadapat gawin na gawain sa kaharian ng Diyos ngayon

Ito ay dahil humaharap ang mundo sa isang napakalawak at teribleng krisis.

Merong bang alinmang bansang makakapagtindig ng isang lalaking napakarunong upang lutasin ang mga problemang kinakaharap natin? Mabibili ba ng salapi ang kapayapaan? Mapagbubuklod ba ng United Nations sa pagmamahalan ang puso ng mga walang Diyos. Kahit ang pinakasiyentipiko at mabibisang plano para sa paggamit ng puwersang pantao ay kulang na kulang sa pagharap natin ng gahiganteng gawain sa Iglesia ni Jesu-Cristo. Isang sigaw ang namumutawi sa masidhing puso sa bawat bahagi ng daigdig ngayon. *"Sino ang may sapat na kakayahang makaganap ng gayong gawain?" (2 Cor. 2:16). "Kung sa aming sarili lamang ay wala kaming sapat na kakayahang gawin ito; ang Diyos ang nagkaloob nito sa amin." (2 Cor. 3:5),* Dahil ang Diyos ay *"makagagawa nang higit kaysa lahat ng maaari nating hilingin at isipin" (Efeso 3:20).* Ngunit ang Kanyang kapangyarihan ay napapakawalan lamang sa pamamagitan ng panalangin.

Panalangin ang pinakamabisang porma ng paglilingkod na magagawa ninuman

Ito ang pinakamabunga. Itinalaga ng Panginoon ang Kanyang sarili upang kumilos bilang tugon sa pananalangin. *"Gagawin ko ang anumang hihilingin ninyo sa pangalan ko."* (Juan 14:14). Ang panalangin ng pinakamahinang anak ng Diyos ay nagsisindi sa dinamo ng Diyos. Ang panalangin mo ay nagpapakilos sa Diyos. Sinabi ni Cristo ito. Dapat itong pumuspos sa atin sa galak. Pero higit pa riyan ang sinabi Niya. Pakalimiin ang kahulugan ng salitang "kung." Hindi natin mauunawaan kung paano at kung bakit, pero totoong ang kondisyon ng Diyos sa pagkilos ay ang ating pananalangin.

Panalangin ang pinakamaluwalhating gawaing itinagubilin sa tao

Ang ibang porma sa paglilingkod Cristiano ang naglalapit sa atin sa mga tao. Tanging ang pananalangin ang pinakamalapit sa Diyos. Walang ibang pagkakataon na ang tao ay kaisa ng kadiyosan maliban sa pananalangin. Ang silid panalanginan ang panoorang silid ng Diyos. Doon ay nakikipagtagpo sa Diyos nang mukhaan at doon ginagampanan ang pinakamaluwalhating tungkulin sa pinakamaluwalhating lugar sa presensiya ng pinakamaluwalhating Katauhan.

Kung ang panalangin ay gumagawa, dapat itong maging pangunahin sa pang-araw araw nating iskedyul

Kung ito ang pinakadakilang puwersa na nasa kapangyarihan natin upang gamitin, natural na bibigyan ito ng una at pangunahing puwang sa iskedyul natin sa araw-araw. Ang ibang porma ng gawain ay papailalim dito, patungkol sa pagiging pangunahin at sa dami ng oras na inilalaan dito. Hahanap tayo ng lugar na itinakda ng Diyos para sa intersesyon

Kung ang intersesyon ay gumagawa, kinakailangan nito ang paghahanda.

Kinakailangan ng paunang pagpaplano upang walang masayang, kundi ang pinakamataas na paggamit ng bawat isip, puso at kalooban. "Walang makakapanalangin nang pinakamainam - kakaunti ang makakapanalangin ng may lubos na bisa – nang walang maingat na pagsasanay sa panalalangin."

Tayo ay sobrang sentimental at pabaya sa ating ugali sa pananalangin. Sabi ng Diyos na hindi tayo marunong manalangin gaya ng nararapat. Tayo ay ignorante at kinakailangang turuan ng Espiritu. Ang lihim at sining ng pananalangin ay matututunan lamang sa pagtuturo ng Guro mismo.

Kung ang intersesyon ay gumagawa, mangangailangan ito ng pagmamatyag.

Walang ibang porma ng gawain na napakadaling mapabayaan, katamaran, malimutan, maliban sa pananalangin. Sa mga maliliit at di mahahalagang mga bagay, mga munting karamdaman, kalayawan, katamaran, dahil sa iba pang mga gawain na mukhang mahahalaga rin, tinatapos natin ang oras sa pananalangin, o ipinagpapaliban ito para sa mas maginhawang oras na hindi na darating.

Kung ang intersesyon ay gumagawa, mangangailangan ito ng pinakamabuti sa ating buhay at pinakasariwang lakas.

Mababasa natin tungkol sa ating Panginoon, *"Noong si Jesus ay namumuhay rito sa lupa, siya'y dumalangin at lumuluhang sumamo sa Diyos na makapagliligtas sa kanya sa kamatayan" (Heb. 5:7).* Nakikita mo ba Siyang dumarating sa umaga mula sa mga gabing pananalangin sa bundok? Napakinggan mo ba Siya sa Gethsemane, o sa krus? Maniniwala ka ba na ang intersesyon na iyon ay walang naging kapalit sa Kanya? Ang intersesyon ay may kapalit na kasiglahan. Kung ang ating intersesyon ay magpapala, kinakailangan itong dumugo. Pero hindi ito nangangailangan ng pagsasayang ng enerhiya, hindi rin ito pagkaubos ng lakas. Narito ang balintuna – na ang literal na paggamit ng enerhiya sa pananalangin ay nangangahulugan ng pagpapanibagong lakas sa pamamagitan ng panalangin: *"Ngunit silang nangaghihintay sa Panginoon ay mangagbabagong lakas." (Isa. 40:31).*

Ihanda ang iyong sarili para sa paglilingkod sa pamamagitan ng paglalaan ng isang buwang pag-aaral ng Biblia araw-araw o sa pag-aaral sa panalangin. Dagling isakatuparan ang mga aral na itinuturo ng Panginoon sa iyo sa panalangin. Itaguyod ang intersesyon sa bawat paraan.

Si Ruth Paxon (1876-1949) ay naglingkod sa Panginoon sa China. Siya ay matatandaan bilang isang tagapagsalita sa mga kumperensiya at awtor ng ilang aklat patungkol sa pamumuhay Cristiano.

Silid Sa Itaas: Modelo ng Diyos sa Revival

ni Armin Gesswein

Ang Aklat ng mga Gawa ang pinakadakilang aklat tungkol sa revival na nasulat – mas dakila kaysa mga salita ni Charles Finney o ni Jonathan Edwards - dahil ito mismo ang Salita ng Diyos.

Minsan ay nagsalita ako tungkol sa revival sa mga lider ng Youth for Christ sa Moody Church sa Chicago. Pagkatapos, habang nakatayo sa hagdanan ng malaking simbahang iyon, ang sabi ni Ken Anderson sa akin, "Armin, dapat na magsulat ka ng libro tungkol sa revival." Agad kong sinabi, "Ken, naisulat na ang librong iyan. Iyan ay ang Aklat ng mga Gawa." Nabigla siya.

Ilang daang beses ko nang nabasa ang Mga Gawa at mga bahagi nito ng isanlibong beses. Ito ang pinakamalinaw na aklat sa Biblia, pero lagi ko pa ring nakakaligtaan o nawawaglitan ang napakalinaw na katotohanan. Sa kapitulo isa ay nababalewala ko ang talatang 4, kung saan ang nabuhay na muling Panginoon ay ibinibigay ang Kanyang huli at Kanyang pinakamakapangyarihang utos. Inutusan Niya sila ng isang salitang pangmilitar, *"Huwag muna kayong aalis sa Jerusalem. Hintayin ninyo roon ang ipinangako ng Ama na sinabi ko na sa inyo."*

Literal Niya silang inutusan na pumunta sa Silid sa Itaas at manatili sa panalangin. At ginawa naman nila. Sa talatang 14 at 15 mababasa natin na lahat sila, mga 120 sa kanila, ay nagpatuloy sa pananalangin at pagluhog.

Bakit nila ginawa iyon? Dahil iniutos iyon ni Jesus. Ang problema natin sa ngayon ay hindi natin nakikita na ang pulong panalangin sa Silid sa Itaas ay isang utos. Parang napakaliit ng ating otoridad kung may kinalaman sa pagtipon sa ating iglesia sa pulong panalangin at lahat ng gustong gawin doon ng Diyos. Kinakailangan kong sabihan ang mga kongregasyon: "Kung inutusan kayo ng Diyos na dumalo ng pulong panalangin, dadalo ba kayo? "Aba, opo," tugon nila, "Kung inutusan ako ni Jesus, dadalo ako." Aba, e talagang inutusan ka niya na dumalo, dadalo ka ba?"

Ang Dakilang Utos ay misyon natin sa Iglesia. Nanghahawakan tayo dito, at itinataas ito. At heto ang pinakahuli, pinakamapuwersa at pinakamadiin sa lahat Niyang mga utos at hindi natin sinusunod, madalas ay hindi man lang ito pinakikinggan. Malaking bahagi ito ng ating problema at kahinaan – ang pagpapanauli ng prayer meeting at revival sa ating mga iglesia. (Gawa 1:4).

Sa Mga Gawa ay meron tayong kumpletong salaysay ng mga huling araw ni Jesus sa lupa at sa Kanyang mga huling ginawa, na ngayon ay mga bagay na dapat nating unahin.Ang **Kanyang huling utos ang siya nating unang responsibilidad**.

Ang Sikreto ng Silid sa Itaas

Nasa modelo ng Silid sa Itaas ang pinaka sikreto. Doon ay tinipon ng Panginoon ang 120 tao sa isang pulong panalangin at ibinigay sa kanila ang susi ng kaharian ng langit. Doon ay ibinigay Niya sa atin ang Kanyang obra maestra, at Kanyang pinakaplano para sa revival. Ginawa Niya itong sentro ng Bagong Tipan at ng kasaysayan – ang kasaysayan ay ginawa Niyang Kanyang kasaysayan para sa revival, at para sa lahat, kabilang ang katuparan ng Kanyang Dakilang Atas.

Magagawa itong lahat ng isang maliit na pulong panalangin ng mga 120 sa Silid sa Itaas? Sinong maniniwala dito? Sinong makakaisip ng ganon? Walang sinumang tao. Pinagbuti ng mga tao ang planong iyon at lagi silang nabibigo. "Pero, Panginoon, meron ba naman kayong ibang plano?" Isang pampalit na plano sakaling pumalpak ito?"

Parang ganito ang isasagot ni Jesus, "Wala, wala akong ibang plano. At ang plano ko ay hindi masisira. Ang pulong panalanging iyon ang magpapangyari sa lahat. Magiging napakamakapangyarihan nito na maging ang pintuan ng Hades ay hindi mananaig dito. Magiging Iglesia ko ang mundo nang madali, at babaguhin ko ang mundo sa pamamagitan niyon. Kailangan mong basahin ang Aklat ng Mga Gawa at makikita mo kung paano ko iyon gawin.

"Katunayan, ay sinabi ko sa iyo. Nakikinig ka ba? Sinabi ko sa iyo sa panghuli kong salita sa mundo. Wala na kong mas lilinaw pang salita kaysa roon. Narinig mo ba ako? *"Ngunit bibigyan kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."(Gawa 1:8).* Narinig mo ba Ako? Babaguhin Ko ang mundo sa pamamagitan ng nananatiling pananalangin."

Kumusta ang ating mga Pulong Panalangin?

Ito ang malaking tanong sa lahat ng ating pananalangin para sa revival. Ang pagsubok ng revival sa Bagong Tipan ay ang Iglesia. At ang pagsubok ng Iglesia at ng mga iglesia ay ang panalangin at mga pulong panalangin.

Hindi mangmang ang diyablo. Alam niya ang nangyayari sa ating buhay, at sa ating mga iglesia. Alam din niya ang plano ng Diyos. Kaya siya ay abalang-abala sa pagtatrabaho upang patayin ang mga iglesia. Ang kinakailangan lang niyang gawin ay patayin ang pananalangin at pulong panalangin at patay na ang iglesiang iyon.

Ang Espiritu ng Panalangin ay ang Espiritu ng Revival. Ang unang revival sa alinmang tunay na revival ay isang revival ng pananalangin. Ang espiritu ng revival ay umaalis sa mga iglesia kung saan ang tunay na pulong panalangin ay umaalis, at bumabalik ang revival kapag bumabalik ang tunay na pananalangin at mga pulong panalangin. Ganyan kasimple. At wala nang ibang paraan.

Huwag nating kalilimutan na ang Pentecostes ay dumating sa isang pulong panalangin sa Silid sa Itaas at doon sa 120 na mga Cristianong nananalangin na may pagkakasundo. Doon ibinigay ng Panginoon ang pamantayan, ang modelo ng revival, ang modelo ng bawat iglesia mula noong Pentecostes.

Ang revival ay hindi pasimple – ito ay simple. Ang katotohanan ng revival ang pinakamalinaw na katotohanan sa Kasulatan, hindi sa mga misteryo ng mga pahayag na hindi natin maunawaan. Huwag nating pahirapin ang mensahe ng revival.

Winasak at inilibing ng diyablo ang buhay panalangin ng mga Crsitiano at ng kanilang mga tahanan at ng kanilang mga iglesia. Maraming iglesia ang wala pa ring pulong panalangin. At kung meron man, ito ang pinakamahina, pinakamatamlay sa lahat ng maraming mga pagtitipon.

Pero binabago ito ng Panginoon. Salamat sa Panginoon sa maraming mga bagong pagkilos sa panalangin. Pabalik na tayo sa Silid sa Itaas, pabalik sa totoo, normal na modelo ng buhay na pusos ng Espiritu para sa bawat Crsitiano at bawat iglesia.

Ang Silid sa Itaas ang sariling plano ng Diyos para magdala ng revival. Hindi pa nagbago ang planong iyan; iyan pa rin ang plano ng Diyos ngayon. Pupunta ka ba sa Silid sa Itaas?

Mula sa Intercessors for America Newsletter 4/99.

Si Armin Gesswein (1907-2001) ay tagapagtatag at direktor ng Revival Prayer Fellowship and Ministers Prayer Fellowship. Nagdaos siya ng mga revival conferences na naging "Schools of Prayer."

Dakilang mga Sandali sa Presensiya ng Diyos

ni Tom Shaw

Ako ay isang espirituwal na sanggol ng 1950's, isinilang na muli sa hilagang Ireland at isinilang sa isang kapaligirang mahalaga, malakas na mga pulong panalangin. Hindi noon panahon ng revival, nang inaasahan namin na ang pulong panalangin ay napakainit. Ang gayong makapangyarihang pulong panalangin ay karaniwan noong 50s at 60s sa Ulster , at marahil sa ibang parte ng British Isles. Ang alaala ng mga ganong mga panahon ng pananalangin ay buhay pa sa isip ko at lagi kong kinasasabikan at balikan, at nagtatanong, "Ano na ang nangyari sa mga pulong panalanging iyon?" Masarap alalahanin ang ilang katangian.

Merong **kapangayrihan ang panalangin**. Ang ilang mga panalangin ay parang kulog ng isang taong seryosong totoo sa panalangin. Ang iba ay mahinahon ang ekspresyon, pero hindi bawas ang kapangyarihan o katapatan. Walang anumang diwa ng kumpetisyon. Ang mga tao ay seryoso sa Trono ng Biyaya. Ang wika ay iba-iba, mula sa magagandang pananalita at ang iba ay mga ekspresyon ng pusong ang gramatika at artikulasyon ay hindi mahalaga. Lahat ay merong paghahangad para sa Diyos at para marinig ang kanyang sagot. Napakadalang na merong panalangin na nag-aangat sa tao sa halip na sa Diyos.

Ang **paksa ng panalangin** sa mga pulong panalangin na iyon ay hindi walang-kuwenta. Malalaking isyu ang nakataya at kinakailangan maipahayag sa Diyos. Mga luhog ay isinamo para sa personal na kabanalan. Pangunahin ang malasakit para sa mga nawawala. Nag-aalab na mga panalangin na walang isang makasalanan ang hindi maantig upang magkaroon ng kumbiksyon at kumbersyon. Ang panalangin para sa revival ay para sa kaluwalhatian at karangalan ng pangalan ng Diyos.

Ang **kapaligiran** ng mga pagtitipong iyon ay dapat maranasan. Naroon ang Diyos sa isang kapansin-pansing paraan at ang Kanyang presensiya ay halos mahipo. Ang lupa at ang walang-hanggan ay laging nabubuklod sa lugar ng panalangin. Merong mga sandali ng mataas na pagpupuri at pagsamba, at muli't muli ang mga panalangin ay sasalitan ng mga pag-aawitan ng tugmang koro o imno, o Salmo, at minsan ay kasulatan. Pero ang pangkalahatan na pananalangin ay pagdulog para sa pangangailangan ng iba. Merong ningas at pagkawasak ng puso. Pumapatak ang mga luha mula sa matitipunong kalalakihan sa pagtangis sa harap ng Diyos. Hindi ako kailanman nabagot sa mga panahon ng panalanging iyon, ang dahilan ay sapagkat dumulog kami na may tamang saloobin at nasaing makatagpo ang Diyos, at hindi kami nabigo. Nalulungkot kami kapag ang pulong panalangin ay natapos na at aalis na sa banal na dako.

Ang **haba** ng mga panahon ng panalangin ay nakakagulat para sa mga Cristiano sa henerasyong ito. Bawat oras ay dudulog sila, kung minsan ay sa buong magdamag hanggang umaga at dederetso na ang mga tao papasok sa trabaho. Kung minsan ang miting ay mas maikli, pero pinagpala pa rin. Kakaunti ang mga paghinto, habang ang mga tao ay talagang nananalangin nang may ningas nang sunud-sunod. Ang mga ekspresyon gaya ng "Amen!" "Purihin ang Diyos!" "Opo, Panginoon!" ay palaging naririnig bilang pagsang-ayon sa panalangin. Walang pipi sa napakadakilang sandaling iyon sa presensiya ng Diyos.

Ang porma ay karaniwang nakaluhod, habang ang iba naman ay nakaupo at ilan ang nagpapatirapa, at ang iba ay tumatayo kapag nanalangin. Ang mga sahig na may carpet ay hindi karaniwan noong mga panahong iyon sa mga iglesia pero marami ang tumatagal na nakaluhod sa sahig na kahoy. Merong ilang luluhod sa manipis na imnaryo para hindi masyadong masakit sa tuhod. Sa ilang mga silid panalangin ay merong luhuran. Ang ginhawa ay hindi mahalaga kundi ang panalangin. At ang mga panalanging iyon ay meron lang isang pananaw na "makalapit sa Diyos." Hindi sila aalis hanggang sa maramdaman nilang nakarating ang kanilang panalangin at dininig ng Kalangitan.

(sundan sa pahina 7)

Panalanging Nagbubukas Ng Kalangitan

ni C.H. Mackintosh

Ang Kamanghamanghang Pangako sa Mateo 18

"Sinasabi ko sa inyo: anumang ipagbawal ninyo sa lupa ay ipagbabawal sa langit, at anumang ipahintulot ninyo sa lupa ay ipahihintulot sa langit. Sinasabi ko pa rin sa inyo: kung ang dalawa sa inyo dito sa lupa ay magkaisa sa paghingi ng anumang bagay sa inyong panalangin, ipagkakaloob ito sa inyo ng aking Ama sa langit." (Mateo 18:19).

Ang tunay na puwersa ng mga katagang ito ay, "Kung dalawa sa inyo ay magkakasundo – magkakaroon ng iisang tunog. Dapat ay walang hiwalay na nota, walang sintunado, walang wala sa tono. Mababasa natin sa Mga Gawa 1:14 patungkol sa mga unang apostol: "*Lagi silang nagsasama-sama sa pananalangin, kasama ang mga babae at si Mariang ina ni Jesus, gayon din ang mga kapatid ni Jesus."*

Di ba't kailangan din nating gawin ito? Di ba't kulang tayo sa prinsipyong ito na sila'y *"nagsasama-sama"* sa isang lugar? Halimbawang mapasama tayo sa isang grupo na patay at madilim ang espirituwalidad. Ang nakatutuyot na pormalidad ay nakapasok sa buong lugar. Kitang-kita doon ang walang kapangyarihang pananalita, patay na gawain, mekanikal na pagka relihiyoso. Ano ang dapat gawin? Dapat ba tayong makiayon sa nakakaparalisang kapangyarihang bumabalot sa grupo? Hindi dapat!

Kung hindi, ano ba? Kahit *dadalawa lang tayo na talagang* nakakadama ng kondisyon ng mga bagay, tayo ay magkaisa at ibuhos ang laman ng ating puso sa Diyos. Maghintay tayo sa Kanya na may nagkakaisa, nagtutumibay na simulain, hanggang sa makapagpadala tayo ng mabigat na pag-ulan ng pagpapala sa tigang na lugar. Huwag tayong susuko at magsasabing "Ang Diyos ay naghahari at gumagawa Siya ayon sa Kanyang sariling kalooban. Dapat nating hintayin ang Kanyang oras. Walang saysay ang pagsisikap ng tao. Hindi nating makakamit ang revival. Dapat tayong mag-ingat sa emosyonalismo."

Walang makakagalaw sa katotohanan o magpapahina sa puwersa ng Mateo 18:19. . Ang mga kondisyon ay malinaw, *"kung ang dalawa sa inyo dito sa lupa ay magkaisa sa paghingi ng anumang bagay ay gagawin sa kanila ng aking Ama na nasa langit.*

Ito ang katiyakan natin sa paglapit na magkasama upang idalangin ang anumang ilalagay sa ating puso. Ipinagluluksa ba natin ang pagiging malamig, malayo at inutil ng ating kapaligiran? Nanghihina ba ang ating loob sa kakaunting bunga ng pangangaral ng ebanghelyo – sa kawalan ng kapangyarihan sa pangangaral mismo at ang ganap na kawalan ng praktikal na bunga? Ang atin bang mga kaluluwa ay nanlulumo sa pagiging mahina, mabigat, inutil at matamlay sa mga pagtitipon natin?

Ano ang dapat nating gawin? Maghalukipkip? Sumuko? Magrereklamo, magmamaktol, magdadabog o maiirita? Huwag nawa. Ano nga ba? Magtipon-tipon na magkakasama. Magpatirapa sa harapan ng ating Diyos at ibulalas ang ating mga puso, gaya ng puso ng isang taong namamanhik sa Mateo 18:19.

Tunay na ang Diyos ay naghahari, at ito ang mismong dahilan kung bakit tayo dapat maghintay sa Kanya sa panalangin. Tunay na "ang pagsisikap ng tao ay walang saysay" at iyan ang mismong dahilan sa paghanap ng makalangit na kapangyarihan. Tunay na "hindi natin pwedeng maisagawa ang revival." Iyan ang mismong dahilan na sa pamamagitan ng panalangin ay hanapin natin na bumaba ito. Habang nagniningning sa atin ang Mateo 18:19 – habang si Cristo ay nasa kanan ng Diyos – ang pagpapala ay tiyak na darating.

Nananampalataya

Sa Mateo 21:22 ay masusumpungan natin ang isa pang mahalagang kondisyon ng mabisang panalangin. *"At anumang hingin ninyo sa pananalangin ay tatanggapin ninyo, kung nananalig kayo."* Kahanga-hangang pangungusap! Binubuksan sa pananampalataya ang mismong sisidlan ng kayamanan ng kalangitan. Walang limitasyon. Ang ating pinagpalang Panginoon ay tinitiyak sa atin na tatanggapin natin ang anumang ating hingin na may simpleng pananampalataya.

Si Apostol Santiago, sa ilalim ng inspirasyon ng Espiritu Santo, ay binibigyan tayo ng kaparehong katiyakan kaugnay ng paghingi ng karunungan: *"Ngunit kung kulang ng karunungan ang sinuman sa inyo..."* Pero merong kondisyon – *"humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan..." (1:5-7)*

Hindi ba natin dapat suriin ang ating mga sarili kung talagang naiintindihan natin ang dalawang kondisyong ito ng panalangin: ang pagkakasundo at pananalig? Kung totoo ito – at ito ay totoo dahil sinabi ito ni Cristo – na ang dalawang tao na humihingi na may pananampalataya ay makakatanggap ng anumang kanilang hingin, bakit hindi natin makita ang masaganang sagot sa ating mga panalangin? Ang mali ay nasa atin – kulang tayo sa pagkakasundo at pagtitiwala.

Kahalagahan ng Pagiging Tiyak

Ang Panginoon ay dumarating sa pinakamaliliit na kongregasyon – kahit na sa dalawa. Pero, siyempre, ang pangako ay para din sa marami, sa libo-libo. Ang pinaka punto ay pagkakasundo at nakatitiyak na tatanggapin natin ang ating mga hinihingi: *Kaya sinasabi ko sa inyo: Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at kayo'y makasusumpong; kumatok kayo at ang pinto'y bubuksan para sa inyo". (Lucas11:9-10).*

Ano ang matututunan natin sa Lucas 11? Una, itinituro nito sa atin na maging tiyak sa ating mga panalangin. *"Kaibigan, pautangin mo ako ng tatlong tinapay." (t. 5).* Merong positibong pangangailangan na nararamdaman at sinambit; merong ibang bagay na nasa isipan at nasa puso. Hindi ito mahaba at halu-halong pangungusap tungkol sa iba't ibang mga bagay. Ito ay tiyakan, direkta at nakatuon – gusto ko ng tatlong piraso ng tinapay. Hindi ako papayag sa sagot na wala; kailangan kong magkaroon niyon; agaran; ngayon din. Hindi siya lalayo sa nag-iisang punto: *"Kaibigan, pautangin mo ako ng tatlong tinapay."*

Palagi ba tayong nagbibigay ng pahayag sa maraming mga bagay na hindi naman natin talagang kailangan at hindi naman talaga natin kayang hintayin? Magugulat ba tayo kapag sisipot ang Panginoon sa katapusan ng pulong panalangin at magtatanong, "Ano ba talaga ang gusto Mong gawin ko para sa iyo?"

Pangungulit

Meron pang isang mahalagang kondisyong inilahad sa katuruan ng Panginoon sa Lucas 11. Ito ay ang pangungulit. Ang lalaking ito ay hindi mapasusuko. Kinakailangan niyang makuha ang tatlong tinapay. Ang lalaki ay nakatutok sa kanyang pakay – walang siyang ibang balak. Sa madaling salita, hindi siya papayag na tanggihan.

Ang pagiging tiyak at makulit ay laging magkasama. Kung ang bagay na hinihingi ay kasing tiyak ng tatlong tinapay, magkakaroon ng makulit na paghingi para dito at matatag na layuning makuha iyon.

Matiyaga at Umaasang Pananalangin

Isa pang kondisyon sa panalangin ay matatagpuan sa Lucas 18:1: *"Manalanging lagi at huwag manghinawa."* Ang kondisyon dito ay pagtitiyaga. Tayo ay nangungulit, nagkakasundo, nananampalataya at nagtitiyagang naghihintay sa ating Diyos hanggang sa ibigay niya ang sagot, at tiyak Niyang gagawin ito, kung ang basehan at kondisyon ay napananatili. Kailangan nating magkaroon ng layunin na inilagay sa ating puso ng Espiritu Santo – isang bagay na masasandigan ng ating pananampalataya ng ilang Salita at mapagtitiyagaan sa panalangin hanggang matamo natin ang ating gusto.

"Ang lahat ng ito'y gawin ninyo sa pamamagitan ng mga panalangin at pagsamo. Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, sa patnubay ng Espiritu" (Efeso 6:18).

Mga minamahal sa Panginoon, gumising tayo at huwag makuntento sa kasalukuyang kondisyon ng mga bagay. Ang pulong panalangin ang dapat maging lugar ng lahad na pangangailangan at inaasahang pagpapala. Kinakailangang ito ang lugar ng lahad na kahinaan at inaasahang kapangyarihan. Kinakailangang maging lugar ito kung saan ang mga anak ng Diyos ay nagkakatipon na may pagkakasundo at humawak sa trono ng Diyos at dumako sa mismong kaban ng kayamanan ng kalangitan – at mula sa kabang ito ay humugot ng lahat ng ating gusto para sa ating sarili, para sa ating sambahayan, para sa buong Iglesia ng Diyos at para sa ubasan ni Cristo!

Si C.H.. Mackintosh (1820-1896) ay isang Irish preacher at awtor. Siya ay aktibo sa revival na lumaganap sa Ireland noong 1859-1860.

Dakilang mga Sandali sa Presensiya ng Diyos

(mula sa pahina 6)

Sa mga pulong panalangin noon ay walang *generation gap.* Tinedyer ako noon kasama ang mga kasing edad ko, pero naroon din ang may gulang na. Marami kaming leksyong natutunan sa mga panahon ng pananalanging pakikibaka. Sa ngayon iniisip ng mga kabataan na ang pulong panalangin ay hindi nababagay sa kanila.

"Ano na ang nangyari sa pulong panalangin?" ay maling katanungan. Marahil ang dapat nating tanong ay, "Ano na ang nagyari sa atin?" Paminsan-minsan ay nakakakita pa tayo ng ganoong mga pulong panalangin pero madadalang. Marami sa ating pulong panalangin ngayon ay kulang sa tunay na pagluhog, pagkaantig at alab ng puso. Ilayo nawa tayo ng Diyos mula sa ganoong mga pulong panalangin kung saan tayo ay hindi dinadala sa tagumpay laban sa kaaway ng ating kaluluwa, walang anumang kalakip na halaga ng sakripisyo, walang anumang sugat mula sa labanan.

Sa pag-aaral tungkol sa nakalipas at kasalukuyang pulong panalangin makakabuting sundin ang mga salita ni A.W. Tozer: "Ang panalangin ay hindi isang palaruan, kundi labanan." Walang selebrasyon sa labanan hanggang nakamit ang tagumpay.

Muling inilathala sa "First!" (dating *Life Indeed),* paglalathala ng The Faith Mission.

Si Tom Shaw ay pangulo ng The Faith Mission, may punong tanggapan sa Edinburgh, Scotland.

Ating Pamilya at Tahanan para sa Diyos...

Sa Alin ka Kilala?

ni Kim Butts

"Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo, sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya." (Mateo 5:9).

Ang mga pamilya sa ngayon ay sobrang abala! Maraming iba't ibang gawain, iba't iba ang pinupuntahan sa iba't ibang oras; eskuwelahan, trabaho, gawaing bahay, leksyon, isports, gawain sa iglesia, atbp., Lahat ng ito ay nagpapabigat at nagpapagulo sa maraming mga tahanan. Halos lahat ng mga bagay na pumupuno sa ating oras at atensyon ay unti-unting nagbabawas ng ating oras sa piling ng ating Ama – bilang indibiduwal at bilang isang pamilya. Kapag ang pampamilyang pagsamba ay napapabayaan, umiinit ang mga ulo, pansarili at pampersonal na adyenda ang nananaig, at nagbubunga ng kaguluhan.

Ito ang larawan ng maraming tahanang Cristiano ngayon. Napasok ng sekular na mundo ang ating pamamaraan ng pamumuhay kayat nalimutan na nating mabuhay nang payapa sa isa't isa at sa mga nakapaligid sa atin. Ngunit sa gitna ng ating kaabalahan, nangungusap si Jesus sa ating kultura at sinasabi, *"Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo, sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya." (Mateo 5:9).* Paano nating malilinang, mapapanatili o matutuklasan ang pagiging mapagpayapa sa ating mga pamilya. Ang Mapapalad, ay magbibigay sa atin ng pananaw sa mga nasain ng Diyos para sa Kanyang bayan. Sa Mateo 5:3-8 inilalahad ni Jesus ang pangunahing mga kondisyon ng Diyos para sa isang mapagpayapa. Ang mga talatang ito ang pundasyon para sa ating mga pamilya upang tayo ay maging mga tagapamayapa.

- **Pinagpapala tayo ng ating Ama kapag Tayo'y aba (Mateo 5:3).** Nais Niyang lumapit tayo sa Kanya na isang dukha at nangangailangan. Ang ating relasyon sa Diyos ay dapat merong kababang loob at pagsandig. Ibubuhos Niya ang Kanyang espirituwal na mga kayamanan sa atin kapag lalapit tayo sa Kanya na may bukas na mga puso at kamay, nauuhaw at nagugutom sa Kanya. Kung tayo ay puno ng kayabangan at kasapatan sa sarili, hindi tayo magagamit ng Diyos, dahil ipinapakita natin na hindi natin Siya kailagan. Ang dapat nating angkinin ay ang pagkaalam na maliban sa Diyos, tayo ay wala at walang magagawa (Juan 15:5-8). Hindi tayo pwedeng maging isang tagapamayapa ng ating pamilya malibang tayo muna ay aba sa espiritu.
- **Pinagpapala tayo ng Ama kapag tayo ay nahahapis (Mateo 5:4).** Binibigyan tayo ng kaaliwan ng Diyos sa dalawang pangunahing bahagi ng pagluluksa kapag kinilala natin ang kasalanang nagbubunsod sa pagsisisi sa pamamagitan ng masakit na karanasan o kawalan. Bahagi ng proseso ng pagkatutong maging isang tagapamayapang pamilya ay ang makita sa pamamagitan ng pagsisisi, hapdi at kawalan, na kaya tayong bigyan ng Diyos ng kaaliwan ng Kanyang kapayapaan. Ang kapayapaang ito na ibinabahagi natin sa ating pamilya at sa iba.
- **Pinagpapala tayo ng Ama kapag tayo ay maamo (Mateo 5:5).** Tandaan na ang kaamuan ay "kontroladong kalakasan". Ito ang kalakasan ng Diyos na nahahayag sa pamamagitan ng buhay ni Jesus. *"Ngunit ang maamo ay matitiwasay, at magiging ganap ang kapayapaan."* (Awit 37:11). Kung gagawin at sasabihin lamang natin ang ginagawa at sinasabi ng Ama, tayo ay magiging isang pamilya na mapagpayapa na makatatanggap ng mga probisyon at pagpapala ng Ama.
- **Pinagpapala tayo ng Ama kapag tayo ay nagugutom at nauuhaw sa kanyang katuwiran" (Mateo 5:6).** *"Pagkat pawang katuwiran ang gagawin ng bawat isa kaya iiral ang katahimikan"* (Isa. 32:17). *"At namumunga ng katwiran ang binhi ng kapayapaang inihahasik ng taong maibigin sa kapayapaan"* (Santiago 3:18).
- **Pinagpapala tayo ng Ama kapag tayo ay mahabagin (Mateo 5:7).** *"Maging mahabagin kayo kagaya ng inyong Ama." (Lucas 6:36)*
- **Pinagpapala tayo ng Ama kapag tayo ay may malinis na puso (Mateo 5:8).** *"Kaya nga, iwasan mo ang masasamang hilig ng kabataan. Pagsikapan mong maging makatarungan, tapat at mapagmahal. At mamuhay ka nang payapa, kasama ng mga taong may malilinis na puso at tumatawag sa Panginoon." (2 Timoteo 2:22).*

Ito ay mga makapangyarihang kinakailangang linangin para sa pagiging mapagpayapang pamilya. Hindi tayo magiging tagapamayapa na naghahayag ng atityud ni Cristo hanggang hindi natin natututunang mamuhay kagaya Niya.

Ang mga katangian ng mga pamilyang tagapamayapa

Tingnan natin sa kabuuan ang itinuturo ng Kasulatan tungkol sa mga katangian ng mga tagapamayapang indibiduwal at pamilya.

*** Si Jesus ang kanilang kapayapaan.** *"Pamamahalaan Niya ang Israel sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Yahweh; taglay Niya ang kadakilaan ng pangalan ni Yahweh na Kanyang Diyos. At ang Israel ay mamumuhay na ligtas, sapagkat ang haring yaon ay kikilalanin ng buong sanlibutan. Sa Kanya magmumula ang kapayapaan natin."* (Micah 5:4-5). *"Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang Aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo; hindi ito katulad ng ibinibigay ng sanlibutan. Huwag kayong mabalisa; huwag kayong matakot."* (Juan 14:27) *"Sinasabi Ko ito sa inyo upang kayo'y magkaroon ng kapayapaan sa pakikipag-isa sa Akin. Mayroon kayong kapighatian dito sa sanlibutan; ngunit laksan ninyo ang inyong loob! Napagtagumpayan Ko na ang sanlibutan."* (Juan 16:33) *"Sapagkat ang Diyos ay di nalulugod sa kaguluhan kundi sa kapayapaan."* (1 Cor. 14:33) *"At pagharin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Cristo, sapagkat ito ang dahilan kaya kayo tinawag upang maging bahagi ng isang katawan. Magpasalamat kayong lagi."* (Col. 3:15).

Tayo ay magiging tagapamayapang pamilya kapag sinusunod natin ang halimbawa ni Jesus bilang isang tagapamayapa, at hayaang maghari sa atin ang kapayapaan. Ang buhay Niya ay nakasalig sa kapayapaan, at isinalin Niya sa atin ang Kanyang kapayapaan, na hindi sa sanlibutan kundi yaong nakadaig sa sanlibutan. Alam ng tagapamayapang pamilya na kinakailangan nilang mamuhay gaya ni Cristo. *"Isagawa ninyo ang lahat ng inyong natutuhan, tinanggap, narinig, at nakita sa Akin. Kung magkagayon, sasainyo ang Diyos na nagbibigay ng kapayapaan." (Filipos 4:9).*

*** Meron silang masaganang kapayapaan sa pamamagitan ng pagkakilala sa Diyos at kay Jesus na kanilang Panginoon (2 Pedro 1:2).** Ang mga pamilyang hinahanap ang pagkakilala sa Diyos at tinutupad ito ay magiging handa sa espirituwal na maging tagapamayapa. Narito ang makapangyarihang panalangin mula sa Colosas 1:9-10) na maaaring idalangin kung humihingi ng karunungan: *"Panginoon, puspusin Mo po ako ng kaalamang kaloob ng Espiritu upang lubusan kong maunawaan ang Inyong kalooban."* Sa simpleng salita, nangangako ang Diyos na ibibigay agad ang karunungan sa mga humihingi nito, *"Kung kulang sa karunungan ang sinuman sa inyo, humingi siya sa Diyos at siya'y bibigyan; sapagkat ang Diyos ay saganang magbigay at di nanunumbat." (Santiago 1:5). "Aliwalas ang landasin ng taong may kaalaman, at puno ng kapayapaan ang lahat niyang araw."(Kawikaan 3:17). "Ngunit ang may karunungang mula sa Diyos, una sa lahat, ay may malinis na pamumuhay. Siya'y maibigin sa kapayapaan, mahinahon, mapagbigay, mahabagin, at masipag sa paggawa ng mabuti, hindi nagtatangi at hindi nagkukunwari. At namumunga ng katwiran ang binhi ng kapayapaang inihahasik ng taong maibigin sa kapayapaan."(Santiago 3:17-18).*

*** Itinatatag ng Panginoon ang kapayapaan habang nagtitiwala sila sa Kanya.** *"At sila ring nagpapala upang sila'y matiwasay." (Awit 29:11b). "Nawa'y lubusan kayong pabanalin ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan." (1 Tesa. 5:23a. "Ikaw ang nagbibigay sa amin ng kasaganaan, at anumang magawa nami'y dahil sa iyong pagpapala." (Isa. 26:12) "Habang tayo'y itinutuwid hindi tayo natutuwa kundi naghihinagpis. Ngunit pagkaraan niyon, lalasap tayo ng kapayapaang bunga ng matuwid na pamumuhay."(Heb. 12:11).*

Alam ng mga pamilya na ang kanilang kapayapaan ay hindi dahil sa kanilang sarili, kundi inilagay ito ng Diyos sa kanila nang pumayag silang tanggapin ang Kanyang pagtuturo at disiplina. *"Ang Diyos na nagbibigay sa atin ng pag-asa ang magkaloob nawa sa inyo ng kagalakan at kapayapaan sa pananalig upang sumagana kayo sa pag-asa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo." (Roma 15:13).*

*** Sila ay mga intercessor o tagapanalangin para sa iba.** *"Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalanging may pasasalamat. At ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Cristo Jesus."*(Filipos 4:6-7). Kapag inilagay ng mga pamilya ang kanilang pagtitiwala sa lubos na magagawa ng Diyos, hindi sila magkakaroon ng panahon na mag-alala. Ang mga pamilyang gumugugol ng panahon sa pananalangin ay nalalaman na ang kapayapaan ay depende sa pag-iwan ng ating mga alalahanin sa paanan ng krus ni Cristo. Alam nila na mahalagang magdalanginan sa isat isa, para sa mga kaibigan at mga kapitbahay at sa kanilang pastor at iglesia, para sa lider ng kanilang gobyerno,atb. *"Pagyamanin ninyo ang mga lunsod na pinagdalhan sa inyo. Idalangin ninyo sila sapagkat kayo rin ang makikinabang kung sila'y umunlad." (Jeremias 29:7).* Bawat pamilya ay may obligasyong manalangin para sa kanilang lunsod na tinitirhan. Ang mga pamilyang nananalangin para sa kanilang bayan ay makakatanggap ng kapayapaan ng Diyos.

*** Ipinapakita ng kanilang buhay ang bunga ng Espiritu.** *"Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, katiyagaan, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili. Walang utos laban sa ganitong mga bagay."(Galacia 5:22-23).* Ang mga pamilya na hinahayaan ang bunga ng Espiritu na makapasok sa kanilang tahanan ay magkakaroon ng mapayapaang sambahayan na kayang ipaabot ang kapayapaan ng Diyos sa iba.

*** Namumuhay sila nang may mapayapang pakikisama sa iba.** *"Idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo – idalanging pagpalain at huwag sumpain."(Roma. 14:19). "Mabuti ang asin, ngunit kung mawalan ng lasa, paano ito mapaaalat uli? Taglayin ninyo ang katangian ng asin, at sa gayo'y magiging mapayapa ang inyong pagsasamahan." (Marcos 9:50). "Magpakabanal kayo at sikaping makasundo ang inyong kapwa, sapagkat hindi ninyo makikita ang Panginoon kung hindi kayo mamumuhay nang ganito." (Hebreo 12:14).* Ang mga mapagpayapang pamilya ay ginagawa ang lahat na maaring magpatatag ng pagkakaisa sa katawan ni Cristo. Ang kapayapaang ito ay nagsisimula sa pamilya at umaabot sa Iglesia ng Diyos, sa komunidad, at sa dulo ng daigdig. *"Pagsumakitan ninyong mapanatili ang pagkakaisang mula sa Espiritu, sa pamamagitan ng buklod ng kapayapaan." (Efeso 4:3). "Sikapin ninyong maging ganap at sundin ninyo ang mga payo ko; magkaisa kayo, at mamuhay nang payapa. Sa gayon, sasainyo ang Diyos ng pag-ibig at kapayapaan."(2Cor. 13:11).*

*** Sila ay may kahandaan para sa bawat mabubuting gawa.** *"Ang Diyos na pinagmumulan ng kapayapaan ang siyang muling bumuhay sa ating Panginoong Jesus na naging Dakilang Pastol ng mga tupa dahil sa Kanyang dugo na nagpatibay sa walang hanggang tipan. Nawa'y ipagkaloob Niya sa inyo ang lahat ng kailangan ninyo upang maisagawa ang Kanyang kalooban, at sa pamamagitan ni Jesu-Cristo ay gawin Niya sa atin ang nakalulugod sa Kanya. Papurihan nawa si Cristo magpakailanman! Amen." (Hebreo 13:20-21).*

Ang Ipinangakong mga Pagpapala para sa Mapagpayapa: Sila ay tatawaging mga anak ng Diyos

Ang Diyos ay naglagay ng napakataas na pagpapahalaga sa mga tagapamayapa, at tayong lahat ay tinawag sa kapayapaan (Col. 3:15). Naniniwala ako na ang Mapapalad ay itinuro sa isang tiyak na kaayusan upang ihanda ang mga pamilya ng Diyos para sa kanilang tungkulin bilang mga tagapamayapa. Nakakainteres pansinin na bawat mananampalataya ay isang anak ng Diyos dahil sa Kanyang kamanghamanghang biyaya: *"Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa Kanya ay pinagkalooban Niya ng karapatang maging anak ng Diyos. Sila nga'y naging anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan, ni sa pita ng laman o sa kagagawan ng tao. Ang pagiging anak nila ay buhat sa Diyos."(Juan 1:12-13). 'Dahil sa inyong pananalig kay Cristo Jesus, kayong lahat ay anak ng Diyos. Sapagkat ang lahat ng nabautismuhan kay Cristo ay pinananahanan ni Cristo. Wala nang pagkakaiba ang Judio at ang Griego, ang alipin at ang malaya, ang lalaki at ang babae—kayong lahat ay iisa dahil sa inyong pakikipag-isa kay Cristo Jesus."(Gal. 3:26-28).*

Ngunit ang mga tagapamayapa ay mabubukod sa isang ispesyal na paraan. Ang mga namumuhay na mapayapa ay pagpapalain sa pamamagitan ng pagtawag sa kanila bilang mga anak ng Diyos. Ang interpretasyon ko sa pangakong ito ay ang lahat ng mga Cristianong isinilang na muli ay inampon sa pamilya ng Diyos bilang isang anak ng Diyos (Roma 8:13-16); Subalit, ang mga nagsisilakad ng napakalapit kay Jesus ay nagkakaroon ng Kanyang mga katangian ng pagiging tagapamayapa na magiging kilala sa larangang ito. Sila ay kikilalanin ng Diyos at ng ibang tao bilang mga indibiduwal at pamilya na nagdadala ng kapayapaan sa katawan ni Cristo.

May kaibhan ang pagiging indibidwal at ang pagiging kilala para doon. Halimbawa, maraming mga mekaniko ng sasakyan sa inyong komunidad; pero, marahil ay merong kakaunti na talagang hinahanap dahil sila ay kilala bilang pambihira. Sila ang pinakamatatapat, mahuhusay, hindi mahal ang singil, at nagbibigay ng magandang serbisyo. Ang iba ay maaaring mekaniko ang trabaho, pero merong ilang mekaniko na talagang kilalang mas mahusay kaysa sa iba.

Ang pamilya ba ninyo ay kilala ng mga mananampalataya at mga di-mananampaltaya para sa pagiging tagapamayapa? Mga magulang, papalakihin ba ninyo ang inyong mga anak upang maging tunay na makilala ang kapayapaan ng Diyos upang sila ay maging kilala sa pagiging Kanyang tagapamayapang mga anak? Buong pusong dalangin ko na paglalaanan mo ng panahon upang maingat na pag-aralan at isabuhay ang araling ito. *"Ang Panginoon na bukal ng kapayapaan ang Siya nawang magkaloob sa inyo ng kapayapaan sa lahat ng pagkakataon. Nawa'y sumainyong lahat ang Panginoon." (2 Tesa. 3:16).*

PAUNAWA

KUNG MAGPAPADALA PO KAYO NG KALOOB UKOL DITO SA GAWAIN NG PANGINOON, MANGYARI PO LAMANG NA ISULAT SA TSEKE O MONEY ORDER SA PANGALAN NG CHANNELS OF BLESSING MINISTRIES.

MARAMING SALAMAT PO
CHANNELS OF BLESSING MINISTRIES
P.O. BOX 38021
Agora Complex Bldg., Village East, Executive Homes, Cainta, Rizal 1900